# MINERS

# Sapphire

## Ika-Pitong Aklat

Pag-aari ni:

________________________________________

*Pangalan ng Minero*

# Mga Minero

Kumusta, mga minero!
Hindi tayo makapaniwala na handa na kayo para sa ika-pitong aklat? Ang Sapphire ay magiging kapanapanabik na aklat tungkol sa pagkakaiba sa pagitan ng programa ng Dios na nakabatay sa hula at sa Kanyang programa tungkol sa hiwaga. Pagkatapos nito ay maririnig natin ang boses ng Panginoon habang Siya ay nakabayubay sa krus.
Maghanda Na kayo!
**Pastor Buck**

Ang ginamit kong mga talata sa mga aralin sa booklet na ito ay ang kopya ng Biblia mula sa Authorized King James Version. Ang mga sagot sa mga katanungan ay mula mismo sa mga talata. Ang paggamit ng ibang salin ay hindi makakatulong para sagutan ang mga katanungan, sapagkat iba ang mga salitang nakalagay. Kaya kinakailangan na mayroon kang kopya ng Authorized King James Version bago mo simulan ang aklat na ito ng Mga Minero.

Para sa karagdagang impormasyon, ay maari kayong makipag-ugnayan sa:


www. **grace-harbor-church.org**

**Gary & Lynda Miller**

2822 Briarwood Drive E., Arlington Heights, IL 60005, U.S.A.

Phone: **847-640-8422**



Karapatan ng Pagpapalimbag 2002



Isinalin sa Tagalog ni **Bro. Edgar V. Villaflores** at sinuri/isinaayos ni **Pastor Val B. Tanierla** ng **Labo, Camarines Norte, Philippines**.

Printed by:
Bible Doctrines To Live By, Inc
Comstock Park, MI. 49321

# ANG

# PAGLALAKBAY

# NI

# BOB AT BETTY

## Ang Rodeo



# Ang Rodeo

Ang kalangitan ay nagsisimula ng magbago mula sa matingkad na pula habang si Bob at si Betty ay nakaupo sa balkonahe at umiinom ng lemonada.

"Sa tingin ko ay isa na naman itong magandang araw hanggang bukas," ang pahayag ni Betty.

"Bakit ganyan ang naisip mo?" ang tanong ni Bob.

"Hindi mo ba napakinggan ang lumang kasabihan na, "Ang pulang kulay sa gabi ay nagbibigay ng kasiyahan sa mga manlalakbay, ngunit ang pula sa umaga ay dapat na maging babala sa mga manlalakbay." ang tugon ni Betty.

"Hindi ko pa yan narinig. Saan mo ba yan narinig?" ang tanong ni Bob.

"Sa Sunday school. Si Gng. Buck ay binanggit sa amin ang ilang mga kasabihan na ginagamit sa mundo na matatagpuan sa Biblia, at iyon ang isa sa mga kasabihang iyon," ang sabi ni Betty.


"Ano pa ang ilan sa mga kasabihan?" ang mausisang tanong ni Bob.

Tiningnan ni Betty ang mga isinulat nya mula sa pag-aaral ng Sunday school.

"Ito ang ilan sa mga naisulat ko," ang sabi ni Betty. "Ang sulat mula sa pader" ay mula sa Daniel 5:5. "Ang isang patak ng tubig sa timba" ay matatagpuan sa Isaias 40:15, at ang "Itim ng iyong mata" ay matatagpuan sa Kawikaan 7:2.

"Sa palagay ko ay maraming tao ang hindi alam na ang ilang mga bagay na kanilang sinasabi ay mula pala sa Biblia," ang sabi ni Bob na may ngiti sa kanyang labi.

"Hindi ba gusto mo na maghukay sa Salita ng Dios at makita ang mga kayamanan ng karunungan ng Dios?" ang may pananabik na tanong ni Betty.


THE
RODEO

Sa pagkakataong iyon ay dumating ang kanilang tatay sa balkonahe at umupo sa may tabi nilang dalawa.

"Magugustuhan ninyong dalawa ang aking nakita," ang pabirong sinabi ng kanilang tatay.

"Ano po iyon?" ang magkasabay na tanong ni Bob at ni Betty.

"Ako ay nagbabasa ng pahayagan at may isang buong pahina doon na ibinabalita na may darating na rodeo sa ating bayan sa susunod na buwan," ang sagot ng kanilang tatay.

"Ang rodeo!" ang sigaw ni Betty. "Tatay, pwede po ba tayong pumunta doon? Alam naman ninyo na gustong-gusto kung sumakay sa mga kabayo!"

"Sa palagay ko ay magkakaroon tayo ng panahon para pumunta doon," ang sabi ng kanilang tatay. "Ang totoo nito ay nakalagay sa balita na magkakaroon sila ng paligsahan sa paghuli at pagtali ng baka para sa mga bata na katulad ng inyong gulang."

Bago pa natapos ng kanilang tatay ang kanyang sinabi ay lumundag na agad si Bob.


"Ang paghuli at pagtali sa baka, sigurado ako na ako ang mangunguna sa paligsahang iyon. May talento ako sa paggamit ng tali. Naaalala ba ninyo na ako ang nakapaglagay ng tali bago pa malalag sa talon ang bangka ni lolo?" ang tanong ni Bob.

"Hindi namin makakalimutan ang araw na iyon," ang sabi ni Betty, na parang nanginginig at natatakot pa.

"Gagawa ako ng mga sungay mula sa sanga ng kahoy at kayong dalawa ay pwede ng mag-ensayo. Siyanga pala, may limandaang dolyar ($500) na premyo para sa mananalo," ang nagaggalak na sabi ng kanilang tatay.

"Limandaang dolyar" ang ulit na nasabi ni Betty. "Siguradong mag-eensayo ako araw-araw para manalo sa paligsahang iyan."

"Huwag kang masyadong umasa, kapatid, baka hindi mo matalo si Buffalo Bob."


Ipangaral
ang
ebanghel

Si Betty ay nagpasimula ng paikutin sa ibabaw ng kanyang ulo ang isang tali na kanyang naiisip. "Kung siya ay si Buffalo Bob, ako naman si Bronco Betty," ang sabi ni Betty.

Ang kambal ay nagsimula ng maghabulan at sinusubukang hulihin ang isat-isa sa pamamagitan ng tali habang nakasakay sa isang kunyaring sasakyang kabayo.

Nang dumating ang araw ng linggo ay kinausap ng kanilang tatay si Pastor Buck upang pag-usapan nila ang kaniyang ideya. Naiisip ng kanilang tatay ang panahon noong siya ay bata pa at may isang tagapangaral na dumarating sa kanilang bayan at nagtatayo ng isang malaking tolda para magdaos ng "tent meeting". Minsan ay dumalo siya roon at naalala ang maraming tao na sabik sa pakikinig ng musika at sa ipinangangaral ng pastor.

Nang sumunod na linggo ay sinabi ng kanilang tatay kay Pastor Buck ang tungkol sa rodeo na darating sa kanilang bayan.

"Ano sa palagay ninyo kung magkaroon tayo ng tent meeting sa parke na malapit sa rodeo sa gabi ng Biyernes at Sabado kapag nagsimula na doon ang rodeo," ang tanong ng kanilang tatay.

Lumaki ang mata ni Pastor Buck.

"Napakagandang ideya! Dapat ay makakuha tayo ng pahintulot at maglagay ng ilang patalastas, umarkila ng tent, magpatugtog ng musika, mamigay ng babasahin at magsilbi ng lemonada at kakanin," ang sabi ni Pastor Buck. Ang kanyang isipan ay tumatakbo sa dami ng naiisip na ideya.

Ang kanilang tatay at si Pastor Buck ay nag-usap at naglista ng mga kailangan at nagdesisyon na magkaroon ng pagtitipon sa bahay nila Pastor Buck ng Huwebes ng gabi upang ayusin ang iba pang mga detalye. Bago sila umalis, ay itinungo nila ang kanilang ulo at nagpasalamat sa Dios sa isang magandang pribilehiyo bilang mga sugo ng Dios upang ipaalam sa mga tao ang kamangha-manghang biyaya ng Dios.

Nakakuha ng ilang makakapal na sanga ng kahoy ang kanilang tatay upang gawing parang sungay at itinali niya ito sa isang bunton ng



dayami. Inilagay niya ito sa may likuran ng kanilang bahay at nagsimula ng mag-ensayo sina Bob at Betty sa paggamit ng tali. Hindi ito madali katulad ng kanilang iniisip.

Nang Huwebes ng gabi ay pumunta ang kanilang mga magulang sa bahay nila Pastor Buck kung saan may dalawampong tao mula sa kanilang iglesya ang nagtitipon. Ang buong silid ay napuno ng ingay at pagkasabik habang ang lahat ay nagbibigay ng kani-kanilang mga ideya.

"Sa tingin ko ay dapat na magkaroon tayo ng tema para gaganaping tent meeting," ang sabi ni Ginoong Howard.

"Tama ka dyan, Jim," ang pagsang-ayon ni Pastor Buck.

"Ano kaya kung "An old fashioned tent meeting?" ang suhestiyon ni Grace Potter.

"O kaya ay, "Good News under the tent," ang suhestiyon naman ni Mike Smith.

"Dahil ang ginaganap natin ang tent meeting na malapit sa rodeo ay bakit hindi natin gamitin ang "When God Rides a Horse," ang sinabi naman ni Joe Carlson.

Ang lahat ay nanahimik ng ilang sandali para mag-isip.

Pagkatapos ay nagsalita si Pastor Buck, "Sa tingin ko ay maganda yan. Ang layunin natin ay ipangaral si Cristo. Ang pagkakaiba ng darating na pagparito ng Dios upang humatol, sa Kanyang ibinibigay na biyaya at kapayapaan ngayon, ay magandang pundasyon para sa pangangaral ng krus at mabuting balita ng kaligtasan."

Bago matapos ang gabi ang lahat ay may kanya-kanya ng gagawin. Nagkasundo sila na magtipon ulit sa susunod na linggo upang magbigay ng mga update sa kanilang mga ginagawa.

Ang magulang nila Bob at Betty ang naka-assign para sa advertising. Ang pamilya Buck naman ang kukuha ng permiso sa lungsod, ang pamilya Smith at Montgomery ang naka-talaga para sa pag-arkila ng mga gamit, ang pamilya Carlson at Howard ay para sa mga inumin at pagkain, at ang pamilya Potter naman ang bahala sa programa at sa musika.

Dalawang linggo bago dumating ang rodeo sa kanilang bayan ay nagpalagay na ng anunsyo sa dyaryo ang kanilang tatay.

Si Bob at si Betty ay nag-desinyo ng flyer na may tema para sa tent meeting. Nakalagay ang "When God Rides a Horse" na may malalaking titik sa ibabaw ng flyer. Gumuhit ng isang malaking puting kabayo si Betty sa gitna nito. Sila ay masaya na nagamit nila ang kanilang talento para sa Panginoon.

Ang mga sasakyan ng kabayo at baka ay nagsimula ng dumating mga ilang araw bago ipakita ang rodeo. Si Bob at si Betty ay sumakay



ng kanilang mga bisikleta para pumunta sa lugar na paglalagyan ng rodeo; ayaw nilang makaligtaan ang mga bagay at mangyayari doon. Ang mga cowboy na may malalaking boots at sumbrero ay dinadala ang mga kabayo at baka sa kulungan kung saan sila ilalagay. Habang gumagala sa paligid sina Bob at Betty ay nakipag-usap sila sa mga cowboy. Patuloy ang kanilang pagkasabik. Maganda ang kanilang nararamdaman ng panahong iyon kaya hindi nila napansin ang isang matipunong lalaki na may malaking sigarilyong nakasubo sa kanyang bibig at nagmamasid sa kanilang dalawa. Nang sila ay pumunta sa isang sulok ng rodeo ay nakaharap nila si Jack Hanson, ang may-ari ng rodeo.

"Ano ang ginagawa ninyong dalawang bata dito?" sumigaw ito habang nakatingin sa kanila.

"Gusto lang po naming makita ang mga hayop at ang mga cowboy," ang pautal-utal na tugon ni Bob.

"Opo, tumitingin lang kami sa paligid. Tama po ba iyon?" ang tanong ni Betty.

"Hindi! Umalis na kayong dalawa dito. Marami pa kaming dapat gawin dito, at ayaw ko na makita pa kayo na gumagala sa paligid nito!" ang sabi ni Ginoong Hanson.

Umalis na sina Bob at Betty at hindi na lumingon doon.


"Wow," ang sabi ni Bob. "Sigurado ako na hindi sya mabait. Sino nga ba talaga sya?"

Kinuha na nila Bob at Betty ang kanilang bisikleta at agad na umuwi sa kanilang tahahan.

Maraming bagay na ang naayos para sa malaking tent meeting na kanilang inihahanda. Patuloy ang kanilang pagkasabik at lahat ay umaasa sa magandang mangyayari.

Si Betty ay nasa loob ng kanyang silid habang dumadaan sa pasilyo si Bob.

"Bob," ang tawag ni Betty.


RODEO

Si Bob ay pumasok sa silid ni Betty at umupo sa beanbag na silya sa may isang sulok."

"Ano ang sasabihin mo?" ang tanong ni Bob.

"Naiisip ko ang mga cowboy doon sa rodeo. Gusto kung magdala ng mga flyers doon at imbitahan sila na pumunta sa ating tent meeting," ang tiyak na tugon ni Betty.

"Magandang ideya yan, Betty, ngunit nalimutan mo ang isang mahalagang bagay?" ang paalala ni Bob.

"Ano iyon?" ang tanong ni Betty.

"Ang lalaking may malaking sigarilyo," ang may pagmamalasakit na tugon ni Bob.

"Ah sya ba," ang sabi ni Betty. "Pwede rin siguro natin syang imbitahan. Sa tingin ko ay dapat syang pumunta doon para maligtas," ang umaasang tugon naman ni Betty.


"Kapatid, magpakatotoo nga tayo," ang may pagtawang tugon ni Bob. "Kung mahuli nya tayong dalawa sa palagay mo ano ang pwede nyang gawin sa atin. Natatakot ako sa kanya."

"Pero gusto ko pa ring subukan. Sasama ka ba sa akin?" ang tanong ni Betty.

Dahil ayaw ni Bob na mapahiya ang kanyang kapatid, si Bob ay agad na sumagot, "Oo, pupunta ako. Ngunit iiwan lang natin ang mga flyers sa loob ng rodeo at pagkatapos ay aalis agad tayo doon."

Si Bob at si Betty ay agad na bumaba ng kanilang bisikleta at maingat na tumingin sa kanilang paligid. May ilang mga cowboy na nakatayo sa may sasakyan ng mga kabayo. Kumaway ang mga ito sa kambal nang makita sila kaya naging komportable sina Bob at Betty.

"Maglalagay ako ng ilang flyers sa may kulungan ng mga hayop,"



ang sabi ni Bob kay Betty.

"Okey, ako naman ay maglalagay ng mga flyers sa ibang silid at magkita na lang tayo dito sa loob ng sampung minuto," ang tugon ni Betty.

Nagsimula ng maglagay ng mga flyers si Bob sa may kulungan ng mga hayop nang may marinig syang dumarating.

"Kumusta," ang pumailanlang na boses mula sa may lalagyan ng mga dayami.

Tumingin sa paligid si Bob at nakita nya ang isang batang lalaki na may matingkad na pula at kulot na buhok na naglalakad papunta sa kanya.

"Kumusta, ako si Bob, nakatira ako malapit dito. Gusto ko lang mag-iwan ng ilang flyers dito. Ang aming iglesya ay magkakaroon ng tent meeting at naisip namin na baka gustong pumunta doon ng ilang mga cowboy."

Kinuha ng batang lalaki na mapulang buhok ang isa sa mga flyers na dala ni Bob.

"Magandang kabayo," ang sabi nya, habang nakatingin sa iginuhit ni Betty. "Sa palagay ko ay sinasayang lang ninyo ang oras, dahil wa-lang sinuman dito ang interesado na pumunta sa iglesya."

"Ano ang pangalan mo?" ang tanong ni Bob.

"Ako si Pete Hanson. Ang tatay ko ang may-ari ng rodeong ito," ang sabi ni Pete.

"Hindi ka ba nagbibiro? Napakapalad mo! Sa palagay ko ay lagi kang nakakasakay sa mga kabayo at nakakahuli ng mga baka," ang may inggit na sagot ni Bob.


"Oo, nagagawa ko iyon minsan, pero ang maglakbay kasama ang rodeo ay hindi naman laging masaya. Maraming mga trabaho dito na dapat gawin. Gusto mo bang ipasyal kita sa paligid?" ang sabi ni Pete.

Naalala ni Bob na maghihintay sa kanya si Betty kaya sinabi nya, "Maganda yon pero dapat akong bumalik sa kapatid ko."

Natagpuan ni Bob at ni Pete si Betty na naghihintay sa may tabi ng kanilang bisikleta.

"Betty, ito si Pete. Ang kanyang tatay ang may-ari ng rodeong ito," ang may pagmamalaking tugon ni Bob. "Gusto nya tayong ipasyal sa paligid,"

Sa loob ng ilang saglit ay tiningnan ni Betty si Bob. "Sa palagay ko ay maganda yan, dahil pag-aari naman ito ng tatay nya," ang nahihi-ya pang tugon ni Betty.



Si Pete ay pumunta na agad sa may kulungan ng hayop. "Titingnan muna natin ang mga kabayo," ang sabi ni Pete.

Hindi makapaniwala si Betty na malapit na malapit sya sa mga ito.

"Pwede ko ba silang alagaan?" ang tanong nya kay Pete.

"Oo naman, mag-ingat ka lang at baka masaktan ka," ang babala ni Pete.

Pumunta si Betty sa may kahoy na bakod at hinawakan sa may ilong ang isang mabilis at kayumangging kabayo.

"Napakalambot nya," na parang naiiyak si Betty.

Pagkatapos nito ay may nakita sila sa may pintuan.

"Ikaw ba yan Pete?" ang tanong ng galit na boses habang papalapit ito sa kanila.

"Opo, tatay, may nakilala akong mga bagong kaibigan. Ipinapasyal ko lang po sila sa paligid."

Si Ginoong Hanson ay may dalang ilang mga papel sa kanyang kamay. Tumingin sya kina Bob at Betty. "Naaalala ko kayong dalawa. Sinabihan ko na kayo na huwag ng gumala dito. May kinalaman ba kayo sa mga ito?"

Hawak nya ang kanilang mga flyers.

Bago pa nakasagot si Bob, sinabi na ni Pete sa kanyang tatay ang tungkol sa tent meeting na gaganapin.

"Tumigil ka!" ang pagalit na sabi nya sa kanyang anak. "Kapag nahuli ko pa ulit kayong dalawa na gumagala dito sa paligid ay tatawag na ako ng mga pulis."

Si Bob at si Betty ay nangako na hindi na ulit babalik doon at nagpa-alam na sila kay Pete.

Sa kanilang tahanan ay ikinuwento nila Bob at Betty sa kanilag mga magulang kung ano ang nangyari.



"Kung hindi gusto ni Ginoong Hanson na makita kayong dalawa doon ay karapatan nya iyon. Maaaring may maganda syang dahilan kung bakit ayaw nyang may makitang mga bata na gumagala sa loob ng rodeo," ang serysong sinabi ng kanilang tatay.

"Opo, pero hindi naman sya dapat na maging masungit tungkol doon," ang sagot ni Betty.

"Hindi, ngunit ayaw ko rin na pumunta ulit kayo doon bago dumating ang Biyernes ng gabi kapag pumunta na tayo sa rodeo at sa paligsahan tungkol sa pagtatali ng baka," ang babala ng kanilang nanay.

Umaga ng Biyernes ay marami ng ginagawa sa loob ng parke. Ang mga lalaki ay dumating at nagsimula ng maglagay ng tolda. Hindi pa nakakita sina Bob at Betty ng ganoong kalaking tolda. Ilang saglit lang ay may mga upuan, sound system, mga lamesa at mga kopya ng imnaryo ang nakalagay na sa tolda.

Ang ilang mga tao ay nagsimula ng huminto at nagtatanong kung ano ang mangyayari doon. Binigyan sila ni Betty ng mga flyers at inimbitahan ang lahat para pumunta sa darating na mga pagtitipon.


Nang dumating ang ika-apat ng hapon ay handa na ang lahat. Ang mga magulang nila Bob at Betty ay pumunta na sa kanilang bahay upang maghanda para sa rodeo.

"Sa palagay po kaya ninyo ay papayagan ni Ginoong Hanson na sumali si Bob at ako sa paligsahan ng pagtatali ng baka?" ang tanong ni Betty sa kanilang nanay.

"Oo naman, papayagan nya kayo," ang pagtitiyak ng kanilang nanay. "Ang paligsahan ay bukas para sa lahat na may edad na 7 hanggang sa 13. Sigurado ako na wala namang magiging problema."

Isinuot ni Bob ang kanyang western t-shirt at si Betty naman ay ginamit ang kanyang cowboy boots. Matagal at matiyaga silang nagensayo sa paggamit ng tali at sila ay handa na upang makipagpaligsahan sa pagtatali ng baka.

Nahirapang makakuha ng lugar ang kanilang tatay upang mapaglagyan ng kotse. Ang grandstand ay punong-puno ng mga tao. Dumaan ang kanilang mga magulang sa gitna ng mga tao at sina Bob at



Betty ay sumunod naman sa kanila. Hanggang sa makakuha sila ng kanilang mauupuan.

"Hindi ko naisip na maraming tao ang pupunta sa rodeo," ang nabiglang sinabi ng kanilang tatay.

"Sa tingin ko ay marami ang sasali sa paligsahan ng pagtatali ng baka," ito ang nasambit ni Bob habang tumitingin sa mga bata sa paligid ng grandstand.

Pumailanlang sa sound system ang isang malakas na tinig. "Magandang araw sa inyong lahat, magbigay-pugay tayo sa lahat ng mga cowboys."

Lumabas na ang mga cowboy na suot ang pinakamaganda nilang damit. Ang bawat isa ay nakasakay sa malalaki at magagandang uri ng kabayo. Sila ay pumarada paikot sa grandstand at kumakaway sa kanilang pumapalakpak na mga tagahanga.

Sina Bob at Betty ay pinagmamasdan na may pagkamangha ang mga cowboy na sakay ng mga kabayo na kumpleto ng kanilang mga gamit. Muntik ng makalimutan ng kambal ang kanilang sasalihang paligsahan nang kanilang marinig sa loudspeaker ang paanyaya sa lahat ng mga bata na gustong sumali sa pagtatali ng baka na pumunta na sa tamang lugar.

Hinawakan ni Bob ang kamay ni Betty at sinabi, "Kapatid, pumunta na tayo."


"Good luck mga bata," ang magkasabay na sabi ng kanilang mga magulang.

Sa loob ng ring ay nagsimulang tumingin sa paligid sina Bob at Betty. Maaaring umaabot sa may tatlumpong kabataan ang nagtitipon doon.

"Tingnan mo, nandoon si Pete," ang sigaw ni Betty.

"Pete, Pete," ang sigaw ni Bob, na sinubukang makuha ang atensyon ni Pete.

Nakita ni Pete ang kanyang mga bagong kaibigan at pumunta na sya sa lugar nila.



"Hindi ko alam na sasali din pala kayo sa paligsahan," ang sabi ni Pete.

"Kami ay matagal nang nag-eensayo at sa palagay namin ay malaki ang tsansa namin na manalo," ang may pananabik na tugon ni Betty .

Nagsimulang tumawa si Pete, "Sa palagay kaya ninyo ay matatalo ninyo ako sa paligsahang ito?"

"Sumali ka rin sa paligsahan?" ang hindi makapaniwalang tanong ni Bob.

"Sa tingin kaya ninyo ay hahayaan ng tatay ko na mapanalunan ng ibang bata ang limang daang dolyar? Wala pang sinuman ang nakaka-panalo ng premyong iyon. Ako ang nanalo sa lahat ng paligsahan sa pagtatali ng baka," ang pagmamalaking tugon ni Pete.

"Sasali kami at susubukan naming matalo ka, Pete," ang may pag-titiyak na sabi ni Betty.

"Ang magaling sa pagtatali ang mananalo," ang sabi naman ni Bob.

Ang mga kabataan ay hinati sa tatlong grupo na may sampung miyembro. Si Pete ay nasa unang grupo. Si Bob ay nasa pangalawa at si Betty naman ay nasa pangatlo.

Sampung baka ang pakakawalan at ang unang makapaglagay ng tali sa baka ang siyang mananalo.

Nakita ni Bob at ni Betty kung paano nailagay ni Pete ang tali sa isang baka bago pa ito nagawa ng iba.

"Parang mahirap syang matalo," ang may pag-aalalang nasambit ni Bob.

"Ang grupo mo na ang kasunod. Good luck, Bob," ang pagbibigay ng lakas ng loob ni Betty.

Inasinta ni Bob sa napili nyang baka ang tali at nagsimula ng punti-ryahin ito. Dumating ang kaniyang tsansa nang biglang lumingon ang baka at nakita nyang masyado ang ulo nito. Sa isang pag-ikot ng tali at pagpapakawala nito, ang tali ni Bob ay tumama sa kanyang target. Agad na hinila ni Bob ang baka at ikinabit ang ribbon sa tainga nito. Sya ang nanalo sa kanilang grupo. Lubos ang kasiyahan ni Betty at lundag sya ng lundag.

"Magaling ang ginawa mo, Buffalo Bob," ang sigaw ni Betty ha-bang papunta na rin sya sa loob ng ring.

Pinakawalan na rin ang mga baka at nagsimula na rin syang bita-wan ang tali sa bawat baka na kanyang inaasinta. Pero lagi syang nag-mimintis sa bawat pagsubok nya. Nakita nya ang isang baka na papunta sa kanya. Iniayos nya ang tali at nagsimulang paikutin ang tali sa iba-baw ng kanyang ulo habang dumadaan ito. Sa tamang pag-asinta at pag-bitaw ng tali ay tumama din ito sa ulo ng baka at isa na naman ang



nanalo. Agad din nyang hinila ang tali ng baka at inilagay ang ribbon sa taynga nito bago pa ang ilang segundo na malagyan din ng ibang kasali sa paligsahan ang kanilang mga nahuling baka.

"Betty, hindi ko naisip na mananalo ka rin sa paligsahang ito. Mabuti ang iyong ginawa," ang pagmamalaking nasabi ni Bob.

Ngayon ay panahon na upang ang tatlong nanalo ay maglaban.

Si Ginoong Hanson ay pumunta na sa gitna ng ring. Nang kanyang makita sina Bob at Betty na nakatayo doon ay hindi sya makapaniwala.

"Hindi kayong dalawa mananalo," ang kanyang pang-aasar sa kambal. Tumingin sya kay Pete. "Dapat ay hindi ka matalo sa paligsahang ito, dahil kung matatalo ka ay ikaw ang magbabayad ng limang daang dolyar ($500) mula sa iyong bulsa!"

Umikot si Ginoong Hanson at umalis na sa loob ng ring.

Tumingin si Bob kay Betty. Susubukan kaya nilang makuha ang $500 kung alam naman nilang si Pete ang matatalo at sya pa ang magbabayad nito mula sa sarili nyang pera?

May ibinulong si Betty kay Bob habang sinasabi ng announcer na, "Buksan na ang pintuan!" Lumabas ang tatlong nag-uunahang baka sa loob ng ring.

Nakita ni Bob si Pete na pinaiikot na ang tali sa ibabaw ng kanyang ulo. Alam nya na inaasinta na nito ang isa sa mga baka.

Pinakawalan ni Pete ang tali habang may isa namang baka ang dumating sa may likuran nya. Sa isang malakas na pagsuwag, ay pumailanlang sa hangin si Pete na kasama ang tali ng bumagsak sya sa lupa.

Bago pa nakatayo si Pete ay pareho nang nakahuli ng baka sina Bob at Betty. Sa loob ng ilang segundo ay naitali na nila sa mga baka ang mga ribbon habang sumisigaw at nagpapalakpakan ang lahat.

"Sa tingin ko ay dalawa ang nanalo, mga kaibigan," ang sinabi ng



announcer. "Hahatiin sa bawat isa ang kanilang napanalunang pera. Congratulations sa inyong dalawa na nanalo sa paligsahang ito ng rodeo!"

Ang kanilang mga magulang, kasama ang lahat ng nanonood sa grandstand ay nakatayo at pumapalakpak. Naramdaman nina Bob at Betty na sila ay mga rodeo star.

Lumabas si Ginoong Hanson at pumunta sa gitna ng ring. Tumingin sya kina Bob at Betty at kahit na may galit sa kanyang mga mata ay ibinigay nya sa kanila ang tseke na may halagang $250 para sa bawat isa.

Ang rodeo ay nagpatuloy habang sina Bob at Betty ay pumunta na sa kanilang mga magulang. Hinalikan nila ang kambal.

"May gusto po kaming sabihin sa inyo," ang sabi ni Betty.

"Ano iyon Betty?" ang tanong ng kanilang nanay.

"Napagkasunduan namin ni Bob na ibabalik namin ang aming napanalunan," ang tugon ni Betty.

Hindi makapaniwala sa kanilang kinauupuan ang kanilang mga magulang habang sinasabi ni Bob at ni Betty na manggagaling sa sariling pera ni Pete ang papremyo.

"Sa tingin ko ay iyon ang mabuti ninyong gawin," ang pagmamalaking sinabi ng kanilang tatay.

Umalis sa grandstand sina Bob at Betty at hinanap si Pete. Naririnig nila si Ginoong Hanson na may sinisigawan sa may likuran ng kulungan ng mga hayop. Habang sila ay papasok doon ay nakita nila si Pete na nakaupo sa isang wooden barrel at ang daliri ni Ginoong Hanson ay nakaturo sa kanyang mukha.

"Ginoong Hanson," ang seryosong sinabi ni Bob.

Umikot si Ginoong Hanson at tumingin sa kambal.

"Gusto lang po naming magpasalamat sa inyo sa pagdadala ng ma-



gandang rodeo sa aming bayan," ang panimula ni Bob.

"At gusto rin po naming sabihin sa inyo na kami ay nagagalak na makasali sa paligsahan ng pagtatali ng baka at kami ay lubos na nasiyahan, ganoon din ay nakita namin ang magaganda ninyong mga kabayo at mga matatapang na mga cowboy," ang agad na idinugtong ni Betty.

Si Ginoong Hanson ay nagsimulang makaramdam ng hindi pagiging komportable.

"At hindi po namin gusto na magalit kayo o di kaya ay parusahan si Pete, kaya kami ay bumalik upang ibigay sa inyo ang aming napanalunang pera." Ito ang sinabi ni Bob habang ibinibigay kay Ginoong Hanson ang dalawang tseke.

"Ang makapunta dito sa rodeo at makasali sa paligsahan, ay tama ng gantimpala para sa amin," ang dagdag ni Betty.

Hindi makapagsalita si Ginoong Hanson. Hindi nya alam kung ano ang sasabihin. Tinapos ni Pete ang katahimikan. "Kayong dalawa talaga ang dapat na mabigyan ng perang gantimpala, natalo ninyo ako sa isang maaayos at tapat na laban. Balewala sa akin kung ako ang magbabayad ng papremyo. Kayo talaga ang nanalo."


Ngayon ay nagsimula ng mamuo ang luha sa mata ni Ginoong Hanson.

"Patawarin mo ako, Pete, dahil nagalit agad ako. Pwede mo ba akong patawarin?" ang tanong ni Ginoong Hanson.

Inilagay ni Pete ang kanyang kamay sa baywang ng kanyang tatay, niyakap niya ito ng mahigpit at sinabi, "Tatay, gusto ko po na maging masaya kayo."

Pinahiran ni Ginoong Hanson ang luha sa kanyang mga mata at suminga sa kanyang panyo at bumaling kina Bob at Betty.

"Kayong dalawa ang nagpa-alala sa akin na may kulang sa akin dito. Nakiki-usap ako na kunin ninyo ang inyong napanalunang premyo at paumanhin sa lahat ng aking nagawa sa inyo."



"Sa tingin po namin ay pwede po namin kayong matulungan kung ano ang kulang sa inyo," ang tahimik na sinabi ni Betty. "Sumama po kayo sa amin sa tent meeting ngayong gabi at makikita ninyo kung ano ang ibig kung sabihin," ang kanyang paanyaya.

Pinupuno ng musika ang buong paligid habang papunta ang mga tao sa tolda. Parang ang lahat sa buong bayan ay gustong malaman kung ano ang nangyayari. Umikot si Bob at sa kanyang pagkagulat, naroon si Ginoong Hanson at si Pete na nakaupo sa may likod.

Pagkatapos ng pag-aawitan, si Pastor Buck, dala ang kanyang lumang-luma ng kopya ng Biblia ay pumunta na sa mikropono.

"Ako ay umaasa na pumunta kayo dito ngayong gabi upang hanapin ang katotohanan," ang kanyang pagsisimula. Itinaas niya ang kanyang Biblia, "Ang aklat na ito ay tinatawag na ang Salita ng Katotohanan,"

Binuksan ni Pastor Buck ang kanyang Biblia sa Roma 1:7 at nagsimulang basahin ang talata "...Ang biyaya ay sumainyo at ang kapayapaan na mula sa Dios na ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo. Sinisimulan ni Apostol Pablo ang lahat ng kanyang liham na isinulat sa pamamagitan ng maluwalhating deklarasyong ito mula sa Makapangyarihang Dios. Nais ng Dios na malaman natin na Sya ay hindi nakikipag-away sa atin. Iniaabot Nya ang Kanyang biyaya, ang hindi karapat-dapat na pabor, sa lahat ng mga tao ngayon. Hindi galit ang Dios sa inyo ngayon. Hindi Sya naghihintay na gumawa ka ng anuman para makipagkasundo sa Kanya. Sa halip, ang Dios mismo ang gumawa ng nararapat upang madala ang kapayapaan sa mga makasalanan na katulad mo at katulad ko."

Binuksan ni Pastor Buck sa 2 Corinto 5:19. Nagsimula sya ng pagbasa, "Sa makatuwid baga'y, na ang Dios kay Cristo ay pinakipagkasundo ang sanlibutan sa Kaniya rin, na hindi ibinibilang sa kanila ang kanilang mga kasalanan..." Ang Dios ay na kay Cristo nang Siya ay mabayubay sa krus ng Kalbaryo na ipinagkakasundo ang sanlibutan sa Kanya. Sinasabi sa Roma 5:10 na: "Sapagka't kung, noong tayo'y mga kaaway ay pinakipagkasundo tayo sa Dios sa pamamagitan ng kamatayan ng kaniyang Anak..." Kinuha ng Dios ang kasalanan ng sanlibutan at inilagay ito sa Kanyang Anak. 2 Corinto 5:21: "Yaong


BIYAYA AT KAPAYAPAAN MULA SA
DIOS NA ATING AMA AT SA PANGINOO NG JESU-CRISTO

hindi nakakilala ng kasalanan ay Kaniyang inaring may sala dahil sa atin..." Kinuha ng Panginoong Jesu-Cristo ang sumpa ng kasalanan, ang hatol na kamatayan laban sa kasalanan. Binayaran na Niya ang parusa sa kasalanan. Hindi na ibinibilang o ikinakarga ng Dios, ang mga kasalanan sa atin ngayon. Hebreo 9:26: "...datapuwa't ngayon ay minsan Siya'y nahayag sa katapusan ng mga panahon upang alisin ang kasalanan sa pamamagitan ng pagkahandog ng Kaniyang sarili." Ang Dios ay hindi laban sa iyo, sa halip ay nakikiusap sa iyo na, "makipagkasundo kayo sa Dios." Ang Dios ay makatuwiran sa pagbibigay Niya ng alok sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay natapos na, nabayaran na ito ng buong-buo. Ngayon ang Dios ay patuloy na nakikiusap, nagsusumamo sa iyo na sampalatayanan ang kahanga-hangang mensaheng ito ng biyaya. Magtiwala kayo kay Cristo at sa Kanyang kamatayan sa krus bilang buong kabayaran para sa iyong mga kasalanan at kayo ay kaagad na makakasundo ng Dios. Ang araw ng biyaya ng Dios at kapayapaan, at ang Kanyang alok ng pakikipagkasundo ay minsang matatapos."

“Sa Isaias 6:12 ay binabanggit ang "araw ng paghihiganti ng Dios." Sa 2 Tesalonica 1:7-9 ay sinasabi sa atin na: "...sa pagpapakahayag ng Panginoong Jesus mula sa langit na kasama ang mga anghel ng Kaniyang kapangyarihan na nasa nagniningas na apoy, Na maghihiganti sa hindi nagsisikilala sa Dios, at sa kanila na hindi nagsisitalima sa ebanghelyo ng ating Panginoong Jesus: Na siyang tatanggap ng kaparusahan, na walang hanggang kapahamakang mula sa harapan ng Panginoon at mula sa kaluwalhatian ng Kaniyang kapangyarihan." Sinasabi sa Pahayag 19:11 ang araw na iyon: "At nakita kong bukas ang langit; at narito, ang isang kabayong maputi, at yaong nakasakay dito ay tinatawag na Tapat at Totoo; at sa katuwiran Siya'y humahatol at nakikipagbaka."

Kaibigan, huwag mo ng pagtawanan o ipagwalang-bahala ang alok na biyaya at kapayapaan ng Dios. Magtiwala ka na kay Cristo at makipagkasundo sa Dios.

**~ W A K A S ~**

# Mga Tanong Tungkol sa "Ang Rodeo"

1. Anong paligsahan sa rodeo ang gustong salihan nina Bob at Betty?

    ____________________________________

2. Bakit naisip ni Bob na pwede siyang manalo sa pagtatali ng laso?
    a. Marunong si Bob kung paano magbuhol ng tali
    b. Nakakita si Bob ng ganitong paligsahan sa telebisyon
    k. Si Bob ay nakapagtali sa tuod ng kahoy doon sa ilog

3. Ang pampremyo sa paligsahan ay: $10.00 $100.00$500.00

4. Sino si Bronco Betty?
    a. ang babae na may-ari ng rodeo
    b. si Betty
    k. ang asawa ni Pastor Buck

5. Ang layunin ng pagtatayo ng tolda ay para sa:
    a. may masisilungan ang karamihan kung sakaling umulan
    b. may lugar para ipangaral ang ebanghelyo
    k. may lugar para magsilbi ng "hot dog"

6. Si Bob at Betty ba ang nagbigay ng tag-uring “When God Rides a Horse"? Oo / Hindi

7. Masaya ba si G. Hanson na makitang namimigay ng mga pulyetos sina Bob at Betty sa mga cowboy? Oo / Hindi

8. Ano ang ibinigay na "palayaw" ni Bob kay G. Hanson?

    _____________________

9. Itinaas ni Pastor Buck ang kanyang Biblia at tinawag niya itong:

    "Salita ng _____________"

## **Minero - Unang Aralin**

**Talatang Sasauluhin** - Roma 16:25, Mga Gawa 3:20, 21

**Mga Talatang Dapat Tandaan sa Unang Aklat**: Roma 3:23; 5:6; 6:23

Ating napag-aralan na ang Dios ay may dalawang pangunahing programa na Kanyang ipinaalam o ipinakita para sa atin sa Kanyang Salita. Ang dalawang programang ito ay naka-sentro sa isang persona. Basahin ang Hebreo 10:7. Sino ang personang ito? Ang ________________ _________ __________. Ang dalawang programang ito (hula at hiwaga) ay kapahayagan ng Dios sa mga tao upang ipakita ang Kanyang awtoridad/kapangyarihan sa langit at sa lupa.

Ating napag-aralan na ang kapangyarihan sa langit at sa lupa ay hinamon ni Lucifer. Basahin ang Isaias 14:12-15. Si Lucifer, na ngayon ay tinatawag na si Satanas ay ninais sa kanyang puso na "itaas ang ___________ trono", Isaias 14:13. Sa Isaias 14:14, nais niyang maging ______________ ng Kataas-taasan. Alam ni Satanas na wala siyang magagawa laban sa Dios. Basahin ang Ezekiel 28:2-6. Ninais ni Satanas na umupo sa _________ ng Dios, tal. 2. Inilagak niya ang kanyang __________ katulad ng puso ng Dios. Lahat ng naisin ng Dios ay iyon din ang nais niya. Anong katangian ni Satanas ayon sa mga tal. 3-5 ang ating nakita na siyang dahilan ng kanyang ambisyon? Ang kanyang _________________. Sa Ezekiel 28:12 ay makikita natin na si Satanas ay puno ng _______________. Ngunit ang karunungan ni Satanas ang ____________ sa kanya ayon sa tal. 17 dahil sa kanyang pagmamataas.

Ang plano ni Satanas na itaas ang kanyang trono sa langit at sa lupa ay hindi lingid o binale-wala ng Dios. Maaaring iniisip ni Satanas na pwedeng ibahagi ng Dios ang Kanyang trono ngunit alam natin na <u>hindi</u> iyon ginawa ng Dios. Basahin sa Isaias 42:8 - "...na siyang Aking ___________: at ang Aking __________________ ay hindi ko _____________ sa iba."

Basahin ang Exodo 20:3-5. Tal. 5 - "...sapagka't akong Panginoon mong Dios, ay Dios na _________________..." Ang paninibugho/pagseselos ng Dios ay perpekto. Isang proteksyon na tanging Siya lang ang may taglay noon. Basahin ang Ezekiel 28:16. Ipinangako ng Dios na Kanyang _____________ si Satanas. Balikan natin ang Genesis 3:15 - "...ito ang dudurog ng iyong _______, at ikaw ang dudurog ng Kani-

yang ___________." Ang binhi ng babae na binabanggit dito na Siyang tatalo kay Satanas ay walang iba kundi ang Panginoong Jesu-Cristo.

Basahin ang Hebreo 2:14, 15. Tal. 14 - "...upang sa pamamagitan ng __________ ay Kaniyang _____________ yaong may paghahari sa kamatayan, sa makatuwid ay ang ___________." Si Cristo ang karunungan ng Dios para sa muling pagbabalik ng Kaniyang awtoridad sa langit at sa lupa. Basahin ang 1 Corinto 1:24 - "...si Cristo ang kapangyarihan ng Dios, at ang ______________ ng Dios."

Colosas 2:3 - "Na Siyang (Cristo) kinatataguan ng lahat ng mga kayamanan ng ______________ at ng kaalaman." Hebreo 10:7 - "...Narito, Ako'y pumarito (sa balumbon ng aklat ay nasusulat tungkol sa ________..." Si Cristo ang katuparan ng lahat ng hula. Si Cristo ang kapunuan ng lahat ng mga itinagong hiwaga ng Dios. Tanging ang Dios lang ang karapat-dapat, tanging sa Kanya lamang ang lahat ng papuri at pagsamba at karangalan! "____________ ka, Oh Panginoon namin at Dios namin, na tumanggap ng kaluwalhatian at ng kapurihan at ng kapangyarihan..." Pahayag 4:11.

Pahayag 5:9 - "At sila'y nangag-aawitan ng isang bagong awit, Na nagsasabi, Ikaw ang __________________ na kumuha ng aklat, at magbukas ng mga tatak nito: sapagka't ikaw ay pinatay, at _____________ mo sa Dios..." Tal. 10 - "At sila'y Iyong ginawang _______________ at mga ____________ sa aming Dios; at sila'y nangaghahari sa ibabaw ng _________." Pahayag 5:12 - "Na nangagsasabi ng malakas na tinig, _________________ ang Cordero..." Ang mga salitang ito ay aawitin ng mga tao ng Dios ng bansang Israel sa kanilang paghahari sa lupa. At ang ating mga boses ay itataas sa pagpupuri sa ating pag-awit ng Roma 16:27 - "Sa iisang Dios na _______________, sa pamamagitan ni ________________, na sumasa Kaniya ang kaluwalhatian magpakailan man. Siya nawa."

Si Satanas na hindi mananalo sa Dios ay pwede na sanang tirisin katulad ng isang insekto. Ngunit ang Dios ay ipinapahayag ang Kanyang ______________ sa lahat ng mga nilalang sa kalangitan sa pamamagitan ng Kanyang plano na itatag ang karapat-dapat sa Kanyang kapangyarihan sa langit at sa lupa. Efeso 3:10. Ang talatang ito ay tumutukoy sa Kanyang karunungan sa programa ng hiwaga ng pagtatatag ng katawan ni Cristo, ang _____________.

Sinasagot sa Biblia ang tanong kung sino ang karapat-dapat na magkaroon ng kapangyarihan sa langit at sa lupa, hindi sa pamamagitan ng lakas kundi sa pamamagitan ng karunungan. Ang dalawang programa ng Dios ang paraan ng Dios upang dalhin ang lahat ng mga bagay na nasa langit at sa lupa sa ilalim ng kapangyarihan ng Panginoong Jesu-Cristo. Basahin ang Efeso 1:10. Ang Dios ay titipunin ang lahat ng mga bagay kay __________, ang mga bagay na nangasa _______________, at ang mga bagay na nangasa __________; sa ___________."

Sa mga susunod na mga aralin ay ating titingnan ang ilan sa mga pagkakaiba sa pagitan ng dalawang programang ito. Ang isang programa ay laman ng malaking bahagi ng Biblia. Ito ay ang programa tungkol sa hula. Ang salitang hula ang ibig sabihin ay "ipahayag bago pa mangyari." Sa programa ng hula ay makikita natin kung paano itatatag ng Dios ang Kanyang trono dito sa lupa.

Basahin ang Lukas 1:68-70. Sa talatang 70, ang Dios ay nagsalita sa _________ ng Kanyang mga banal na _____________, simula pa ng _______________ ang sanlibutan.

Basahin ang Mga Gawa 3:21-26. Tal. 21 - "...sinalita ng Dios... _________ pa nang una." Tal. 24 - "Oo at ang lahat ng mga propetang mula kay Samuel at ang mga ______________, sa dami ng mga _________________, sila naman ay ___________________ rin tungkol sa mga araw na ito."

Si Pedro ay nangaral tungkol sa programa ng hula noong araw ng Pentecostes. Basahin ang Mga Gawa 2:16 - "Datapuwa't ito'y ___________sinalita na sa pamamagitan ng _____________ Joel." Basahin ang Joel 2:28,29.

Ang Pentecostes ay hindi maaaring simula ng iglesya, ang katawan ni Cristo! Bakit? Sapagkat ang hiwaga ay itinago simula pa ng lalangin ang sanlibutan ayon sa Roma 16:25 at sa mga panahong iyon ay hindi pa naipapahayag kay Pablo.

Basahin ang Colosas 1:26 - "Maging ang ______________ na __________ sa lahat ng panahon at lahi..."

Basahin ang 1 Corinto 2:7 - "...ang _______________ karunungan..."

Sa isang malinis na papel pagkatapos ng araling ito ay ilista mo ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang program na ating napag-aralan sa araling ito at magbigay ng dalawang talata para masuportahan ito. Sa ating pagpapatuloy sa aklat na ito, makapagdaragdag ka pa ng iba pang pagkakaiba sa listahang ito.

Isulat ang dalawang pangunahing programa ng Dios para sa mga tao. Ilista ang pagkakaiba ng dalawang ito.

| **H U L A** | **H I W A G A** |
|---|---|
| 1. Ipinahayag | 1. Itinago |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |
| 6. | 6. |
| 7. | 7. |
| 8. | 8. |
| 9. | 9. |
| 10. | 10. |
| 11. | 11. |
| 12. | 12. |
| 13. | 13. |
| 14. | 14. |
| 15. | 15. |

Sa atin bang "paghahati ng tama sa mga kasulatan" ay atin bang itinataas o ibinababa ang ilang bahagi ng mga kasulatan? Kung ating gagamitin ang pangungusap na ginamit ni Pablo sa Roma 6:2 - _________________________!

Sa ating pagkaunawa ng mga pagkakaiba sa pagitan ng programa ng Dios sa hula at sa programa ng Dios sa hiwaga ay pwedeng malaman ng isang mananampalataya ang totoong kalooban ng Dios; ang Kanyang mga layunin, mga naisin ng Dios at ang Kanyang mga ipagkakaloob sa panahong ito kung saan tayo nabubuhay. Tanging sa pagkaunawa ng katotohanang ito, ang isang mananampalataya ay makagagawa para sa kaluwalhatian ng Dios! Ang pagkuha sa mga pangako, mga pagpapala, mga sumpa, at mga kaloob ng Dios mula sa isang programa ng Dios at ang kagustuhang gawin mo ito ay ilalayo, babalewalain at hindi susundin ang mga ipinahayag na patakaran ng Dios sa Kanyang salita.

Naintindihan ni Pablo kung ano ang takbuhin (direksyon, misyon, gawain) niya sa buhay. 2 Timoteo 4:7 - "Nakipagbaka ako ng _______________ ______________, natapos ko na ang _______________, iningatan ko aking ___________________." Naintindihan din ni Juan Bautista kung ano ang kanyang gawain. Mga Gawa 13:24,25 - "Noong unang ipangaral ni Juan ang ____________ ng ___________ sa buong bayang __________ bago Siya dumating. At nang ginaganap na ni Juan ang kaniyang ________________..."

Ang gawain ba ni Pablo ay kakaiba sa gawain ni Juan Bautista?

__________

Ang isa ba ay mas mataas kaysa sa isa? ____________

Importante ba sa kanila na malaman ang kanilang gawain? __________

Ganoon din naman sa atin. Tayo ay manatili sa plano ng Dios para sa atin sa dispensasyon ng biyaya na ibinigay kay Pablo na dapat paniwalaan ng iglesya!

**Ilagay ang pangalan at petsa**

________________________________________

**Minero - Pangalawang Aralin**

**Talatang Sasauluhin** - Job 19:25,26; Efeso 2:6.7

**Mga Talatang Dapat Tandaan sa Unang Aklat**: Mga Awit 39:5b; 1 Timoteo 2:4

Basahin ang Genesis 1:28; 9:1; 13:14-17. Sino ang tatlong lalaking ito na binigyan ng Dios ng mga patakaran? 1. ___________________

2. _____________________ 3. ____________________

Anong aspeto ang binigyan atensyon dito ng Dios? _____________

Basahin ang Efeso 1:3; 2:6; Filipos 3:20; Colosas 3:1-4. Sino ang tinutukoy ng Dios sa mga talatang ito? ________________________ Anong aspeto naman ang binibigyan ng atensyon dito?_____________

Saang lugar inaasahan ni Job na makikita ang kanyang Tagapagligtas? Job 19:25 - "...Siya'y tatayo sa ____________."

Saang lugar inaasahan ni Pablo na makikita ang Panginoon? 2 Corinto 5:2 - ____________________ Filipos 3:20________________

Sa Efeso 2:6 saang lugar nakaupo ang Panginoon (sa posisyon ng awtoridad) ang katawan ni Cristo na maghaharing kasama Niya? ____________________

Sa Lukas 22:28-30, pinangakuan ang mga apostol sa tal. 30 na sa kaharian sila ay ________________ sa mga _______________.

Ito ay sa kaharian na binabanggit sa Mateo 3:2. Ang kaharian ng langit na darating at magdadala ng pamamahala ng kalangitan dito sa __________________ ayon sa Mateo 6:10.

Nakikita natin na ang programa sa hula ay nakatuon dito sa lupa at sa programa naman ng hiwaga ay nakatuon doon sa sangkalangitan.

Yamang ang atensyon para sa katawan ni Cristo ay doon sa sangkalangitan, binigyan Niya tayo ng mga panuntunan na:

1. 2 Corinto 4:18 - "Samantalang kami ay nagsisitingin hindi sa _________ na nangakikita, kundi sa mga bagay na _______ nangakikita...

2. Roma 8:23 - "...sa paghihintay ng ________________, na dili iba't, ang ______________ sa ating katawan."

3. Roma 8:18 - "Sapagka't ________________ ko na ang ____________ sa ________________ ito'y hindi karapatdapat maitumbas sa _______________ mahahayag sa atin."

4. Tito 2:13 - "Na _____________ yaong _______________ na pag-asa at ang pagpapakita ng kaluwalhatian ng ating dakilang Dios at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo."

5. Colosas 3:1 - "Kung kayo nga'y muling binuhay na kalakip ni Cristo, ay ______________ ninyo ang mga bagay na nangasa ____________..."

6. Colosas 3:2 - "Ilagak ninyo ang inyong ____________ sa mga bagay na nangasa __________, huwag sa mga bagay na nangasa ibabaw ng ________."

Sinasabi na ang ilang mga mananampalataya ay matindi ang kapit nila sa mga bagay dito sa mundo na kinakailangan pang luwagan ng Dios ang kanilang mga daliri para makasama sila sa kaluwalhatian! Tayo ay dapat na mag-isip ng maka-langit! Ang pag-iisip na makalangit ay magbibigay sa atin ng maka-Dios na pananaw sa mga bagay dito sa lupa.

Basahin ang Isaias 9:6,7; Daniel 7:13,14; Zacarias 14:9,16; Mga Awit 2:6-8; Mga Awit 47:1-9

Sa mga talatang ito ay makikita natin si Cristo bilang __________ sa Israel at sa buong mundo. Siya ay maghahari dito sa ___________.

Sa programa ng hiwaga, si Cristo ang __________ ng iglesya, ang katawan ni Cristo. Basahin ang Efeso 1:22,23. Sa Colosas 1:18, si Cristo ang ________ ng katawan, ang iglesya. Sa Efeso 5:23, si Cristo ang ___________ ng iglesya.

Si Pablo ay walang problema na maunawaan na si Cristo ay ang ______________ _______________ ayon sa 1 Timoteo 1:17 at sa 1 Timoteo 6:15 na si Cristo ay ang "... mapalad at tanging Makapangyarihan ________ ng mga _______, at Panginoon ng mga panginoon."

Ngunit sa katawan ay Siya ang ulo! Sa Kanya nagmumula ang lahat ng

kalakasang espiritwal. Basahin ang Efeso 4:15,16. Tal. 16 - "Na dahil sa ___________... ay nagpapalaki sa katawan..."

Sa pamamagitan ng bawtismo sa Espiritu ang bawat mananampalataya ay nakaugnay sa buhay na katawan ni Cristo, 1 Corinto 12:13. Sa Colosas 2:7 - "Na ______________ at ______________ sa Kaniya..." Si Cristo ang ating ulo, ayon sa Colosas 2:19 sa Kanya ________________ ang lahat ng kasu-kasuan."

Nagbababala si Pablo tungkol sa hindi _______________ sa ulo ayon sa Colosas 2:19. Hindi nakahawak o nanatili sa tamang lugar na tanging si Cristo at si Cristo lamang ang may hawak.

Depende sa iyong iniisip o sa pangangatwiran ng tao ang paghawak sa ulo! Ang Panginoong Jesu-Cristo ay hindi hari, kundi Siya ang ulo ng katawan. Kung hahayaan natin ang Kanyang salita na linangin ang ating mga pag-iisip at baguhin ang ating mga buhay ayon sa wangis ni Cristo na iyon ang gusto Niya para sa iyo.

Sa programa ng hula, si Cristo ay para sa Israel at Siya ang Hari ng sanlibutan. Sa programa naman ng hiwaga, si Cristo ang ulo ng katawan.

Idagdag ang mga pagkakaibang ito sa mga talata sa una nating aralin na iyong sinimulan tungkol sa dalawang programang ito.

**Ilagay ang pangalan at petsa**

__________________________________________

## **Minero - Pangatlong Aralin**

**Talatang Sasauluhin** - Roma 4:18-21; Efeso 2:15,16

**Mga Talatang Dapat Tandaan sa Unang Aklat**: 1 Tim. 1:15; 2 Corinto 5:21

Kapag ating inisip ang isang malaking halimbawa na ginamit ng Dios para maipaliwanag kung ano ang pananampalataya, ang ating isipan ay agad na pupunta sa Roma 4. Sino ang tao (huwag mong tingnan ang talata) na naiisip mo na ginamit ng Dios bilang halimbawa ng pananampalataya? ____________ Kung sinabi mo ay si Abraham, tama ka.

Basahin ang Roma 4 (buong kabanata) ng dalawang beses. Binigyan ng Dios si Abraham ng malaking pangako at si Abraham ay sumampalataya sa Dios. Ano ang pangako ng Dios? Tal. 17, na siya ang magiging __________ ng maraming ___________. Tingnan nating muli ang Genesis 12:1-3; 15:5,6 at 17:18.

Ipinangako ng Dios kay Abraham na gagawin Niya mula sa kanya ang isang malaking _____________ ayon sa Genesis 12:2. Ipinangako ng Dios kay Abraham na ang kanyang mga binhi ay magiging katulad ng mga ____________ sa langit, Genesis 15:5. Sa Genesis 17:8, ipinangako ng Dios na bibigyan si Abraham at ang kanyang mga binhi ang buong lupain ng Canaan, na pag-aaring ___________________.

Ang tanda ng pangakong ito ay makikita sa Genesis 17:10 _______.

Ang Dios dahil sa Kanyang karunungan ay binuo ang bansang Israel, na sa pamamagitan nila ay magaganap ang Kanyang layunin na muling maibalik ang pamamahala sa lupa. Basahin ang Deuteronomio 7:6 - "Sapagka't ikaw ay isang ________ na bayan sa Panginoon mong Dios; ____________ ka ng Panginoon mong Dios upang maging __________ sa Kaniyang sariling ___________, na higit sa lahat ng mga bayan na nasa ibabaw ng balat ng ___________."

Ang Israel ay ibinukod ng Dios sa iba pang mga bansa. Sa Mateo 10:5,6, saang lugar hindi dapat pumunta ang mga alagad?

______________________________

Basahin ang Roma 9:4. Ano ang para sa Israel? 1. pagkupkop

2. ______________ 3. ________________ 4. ________________

5. _________________ 6. _______________

Ang talatang ito ay nagsasabi sa atin na ito ay para sa Israel bago pa dumating si Cristo.

Sa programa ng hula, ang Israel ang piniling bayan ng Dios at sila ang mamahala sa lahat ng mga bansa. Basahin ang Daniel 7:27 - "At ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kadakilaan ng mga _______________ sa silong ng buong langit, ________________ sa _____________ ng mga ___________ ng _______________: ang kaniyang kaharian ay ___________________ kaharian, at ang lahat na _______________ ay _________________ at ______________ sa kaniya."

Wow! Nakatitiyak ang Israel na hawak nila ang importanteng bahagi ng plano at programa ng Dios. Kahit na ang Israel ay hindi naging tapat at pansamantalang isinantabi ngayon, muli silang ibabalik ng Dios sa pamamagitan ng bagong tipan upang sila ay maging handa at kwalipikado na maging bayan ng Dios.

Basahin ang Hebreo 8:10-13. Ano ang gagawin ng Dios sa tal. 10?

1. Ilalagay Niya ang ______________ sa kanilang ______________

2. Isusulat ang mga ito sa kanilang mga ______________

Sa tal. 12, ang Dios ay magiging ______________ sa kanilang ______________, at ang kanilang mga _________________ at ________________ ay hindi na aalalahanin pa. Ating nalaman na si Cristo sa pagiging mataas na pari at sa pag-aalay ng Kaniyang sarili bilang perpektong sakrispisyo ay nasapatan at inalis ang lumang tipan. Basahin ang Hebreo 9 ng dalawang beses at magalak ka at bigyang halaga kung ano ang ibinigay ng dugo ni Cristo at ng Kanyang sakripisyo para sa Israel.

Sa ilalim ng programa ng hula, ang Israel ay ang bansang pinili ng Dios upang mamuno sa lahat ng mga bansa sa mundo. Basahin ang Roma 11:26-29. Tal. 29, ano ang walang pagsisisi (pagbabago ng layunin)? 1. _______________ at 2. ang ______________ ng Dios.

Sa ilalim ng programa para ng hiwaga, ang Israel ba ang bayang pinili ng Dios? _________

Basahin ang Roma 10:12 - "Sapagka't walang ______________ ang __________ at ang Griego..."

Galacia 3:26-29. Sa tal. 28 ay sinasabi - "Walang magiging __________ o __________ man, walang magiging ____________ o ___________ man, walang magiging lalake o babae man; sapagka't kayong lahat ay iisa kay Cristo Jesus."

Sa Efeso 2:14-18 ay ipinaliliwanag kung paanong ang Dios sa dispensasyon ng biyaya ay binubuo ang bagong bayan, bagong tao, ang katawan ni Cristo.

Efeso 2:15 - "...upang sa dalawa ay lalangin sa Kaniyang sarili ang isang taong bago..."

Efeso 2:16 ay sinasabi sa atin na ang Dios ay pinagkasundo ang mga Judio at Hentil sa Kaniya sa pamamagitan ng ____________.

Efeso 2:18 ay sinasabi na: "Sapagka't sa pamamagitan ________ tayo'y may pagpasok sa isang Espiritu rin sa Ama."

Sa ilalim ng programa ng hiwaga, ang Dios ay binubuo ang iglesya, ang Kaniyang katawan, isang buhay na organismo na binubuo ng mga Judio at Hentil na sumampalataya kay Jesu-Cristo na Siyang tanging makapagpapatawad ng kanilang mga kasalanan.

Roma 3:22 - "Sa makatuwid baga'y ang katuwiran ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya kay _____________ sa _________ ng mga ___________________; sapagka't walang _________________."

Sa Roma 11 ay ipinaliliwanag kung papaanong isinantabi pansamantala ang Israel sa ngayon. Ngayon ang lahat ay ikinulong sa ________________(Roma 11:32) upang Siya'y _________________ sa _________.

Ang katawan ni Cristo ay tinatawag na ________ _____________ ayon sa Tito 2:14.

Ating napag-aralan noong mga nakalipas na aralin na ang salitang "kakaiba" ay tumutukoy sa pagkakaroon ng kaniyang sarili. Tinawag ng Dios ang Israel na Kanyang ___________ _______________ sa Exodo 19:5. Sa Deuteronomio 14:2, ang Israel ay tinawag na __________ ____________ para sa Kaniya. Sa Mga Awit 135:4 ay sinasabi na "...at ang Israel na Kaniyang ______________ ___________."

Kung ano ang gagawin ng Dios sa Israel sa hinaharap ay ibinigay na Niya sa atin sa pamamagitan ni Criso. Tayo ngayon ay banal, tinanggap, inaring-ganap, pinatawad, pinagpala, mga anak, tagapagmana ng Dios at kasamang tagapagmana ni Cristo. Ang katawan ni Cristo ay hindi Israel o mga espiritwal na Israel. Ito ay bagong tao, na inilihim ng Dios bago ipinahayag kay Pablo ayon sa Efeso 3:1-11.

**Ilagay ang pangalan at petsa**

__________________________________________

## Minero - Pang-Apat na Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Pahayag 5:10; Roma 8:19; Efeso 1:18-20

**Mga Talatang Dapat Tandaan sa Unang Aklat**: 1 Timoteo 2:5

Ang pagka-alam sa Efeso 1:10 - "Upang sa kaganapan ng mga panahon, ay Kaniyang matipon sa isa, kay Cristo ang lahat ng mga bagay, mga bagay na nasa langit, at mga bagay na nasa ibabaw ng lupa; sa Kaniya." Ang magiging dahilan upang magsaliksik tayo ng mga kasulatan upang malaman natin ang plano ng Dios at kung paano matutupad ang Kaniyang layunin.

Wala na akong ibang nalalaman na mas kapana-panabik na hanapin at madiskubre kung ano, paano at kailan ang ginagawa ng Dios!

Ating nalaman na ipinahayag ng Dios ang Kaniyang kalooban at plano sa Kaniyang Salita. Colosas 1:9 - "Dahil dito'y kami naman, mula nang araw na aming marinig ito, ay hindi kami nagsisitigil ng _______________at ng paghingi na patungkol sa inyo, upang kayo'y _________________ ng _____________ ng Kaniyang _____________, sa buong _______________ at pagkaunawa ayon sa espiritu."

Bagamat masalimuot ang mga detalye at impormasyon tungkol sa plano ng Dios, ito rin naman ay simple at madaling makita at maintindihan. Napag-aralan na natin ang Genesis 1:1 at hinati ang mga kasulatan sa programa ng Dios sa hula para sa ____________ at ang programa ng Dios sa ______________ doon sa _______________________. Nakita natin na ang Israel ang bayang pinili ng Dios na mamuno at maghari kasama ni Cristo dito sa lupa. Sa Isaias 62:1-4 ay ibinigay sa atin ang magandang larawan ng Israel na tinubos sa mga darating na panahon. "Dahil sa ________ ay hindi ako tatahimik, at dahil sa ______________ ay hindi ako magpapahinga... Tal. 3 - "Ikaw naman ay magiging ___________ ng kagandahan sa kamay ng Panginoon, at ______________________ sa kamay ng iyong Dios." Tal. 4 - "Hindi ka na tatawagin pang Pinabayaan; hindi na rin tatawagin pa ang iyong _____________ na Giba: kundi ikaw ay tatawaging _________________, at ang iyong lupain ay ____________: sapagka't ang Panginoon ay nalulugod sa iyo, at ang iyong lupain ay tatangkilikin." Ang ibig sabihin ng pangalang Hephzi-bah ay "Ako'y nalulugod sa kanya."

Basahin ang Ezekiel 37:21-28. Tutuparin ng Dios ang hindi magawang kasunduan sa kapayapaan ng mga tao. Sa tal. 21, ang Dios ay dadalhin ang Israel sa kanilang sariling _____________.

Tal. 23, sino ang magliligtas at maglilinis sa Israel upang maging karap-at-dapat na maging bayan ng Dios? ________________

Tal. 24, ano ang lalakaran at susundin ng Israel? _____________ at ______________

Tal. 25, hanggang kailan sila maninirahan sa lupain? __________________________

Tal. 26, ano ang ilalagay ng Dios sa gitna nila? __________________

Basahin ang Pahayag 5:10 - "At sila'y Iyong ginawang _______________ at mga ______________ sa aming Dios; at sila'y __________________ sa ibabaw ng lupa."

May iba pa ba tayong sasabihin, kundi Siya Nawa at Amen? Purihin ang Dios! Pagpalain ang pangalan ng Panginoon! Bagamat tayo ay nagagalak sa darating na paghahari ng Dios dito sa lupa kasama ang mga iniligtas na mga Israelita, ang ating isipan ay nakatuon din sa darating na paghahari ng Dios sa sangkalangitan kasama ng Kanyang iglesya, ang katawan ni Cristo.

Efeso 2:5-7

Tal. 5 - Ang Dios ay ________________ ang mga mananampalataya na minsan ay naging patay sa mga ____________________.

Tal. 6 - Ang Dios ay __________________ tayo at _________________ sa ___________________.

Tal. 7 - Upang sa mga ______________________ ay maihayag niya ang _____________ kayamanan ng Kaniyang _____________ sa ______________________ sa atin kay Cristo Jesus.

Colosas 3:4 - "Kapag si Cristo na ating ___________ ay mahayag, ay ______________ nga rin kayo na kasama Niya sa kaluwalhatian." Tayo ay mahahayag (makikita) bilang mga tunay na anak ng Dios, ngunit ngayon ay natatalukbungan pa ng makalupang katawan.

Ang totoo, ang buong sangnilikha ay naghihintay sa ating

"pagkakahayag." Roma 8:19 - "Sapagka't ang maningas na ________________ ng ____________________ ay naghihintay ng ______________ ng mga __________ ng ________."

Ang ating paghahari na kasama ni Cristo ay kaugnay sa 1 Corinto 6:2 - "O hindi baga ninyo nalalaman na ang mga ___________ ay magsisihatol sa ___________?

1 Corinto 6:3 - "Hindi baga ninyo nalalaman na ating ______________ ang mga ___________?"

Tayo ay mayroong mamanahin. Efeso 1:11 - "Tayo rin naman sa Kaniya ay ______________________..."

Tayo rin ay pamana ng Dios. Efeso 1:18 - "...kung ano ang mga kayamanan ng kaluwalhatian ng Kaniyang pamana sa mga __________."

Isipin ninyo, tayo ay pamana ng Dios! Siya ay naghihintay sa ating pagdating!

Tatapusin natin ang araling ito sa Efeso 1:22,23 kung saan ay umabot na tayo sa sukdulan ng layunin ng Dios para sa katawan ni Cristo - "At ang lahat ng mga bagay ay pinasuko Niya sa ilalim ng Kaniyang mga paa, at Siyang pinagkaloobang maging _____________ ng lahat ng mga bagay sa iglesia." Tal. 23 - "Na Siyang ______________ Niya, na kapuspusan Niyaong ________________ ng lahat sa lahat."

Kung kaya't masasabi natin katulad ng mga banal sa panahon ni Pablo sa Tesalonica. 1 Tesalonica 1:10 - "At upang _____________ ang Kaniyang Anak na mula sa _____________..."

Siya nawa at Siya nawa!!! Roma 16:27 - "Sa iisang Dios na marunong, sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, na sumasa Kaniya ang kaluwalhatian magpakailan man. Siya nawa."

Sigurado ako na idadagdag mo ang mga pagkakaibang ito sa iyong listahan sa ating unang aralin. Ang mga iniligtas na Israelita ay naghahari dito sa mundo at ang katawan ni Cristo ay naghahari naman kasama ni Cristo doon sa sangkalangitan. Tiyakin mo na maglagay ng mga talata sa bawat pagkakaiba na iyong idadagdag sa listahan.

**Ilagay ang pangalan at petsa** ______________________________

## Minero - Pang-Limang Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Mga Gawa 28:27,28

**Mga Talatang Dapat Tandaan sa Unang Aklat**: Efeso 2:8,9

Ang isa pang malaking pagkakaiba sa pagitan ng programa ng Dios sa hula at sa programa ng Dios sa hiwaga ay ang magiging kalagayan ng mga Hentil. Sa ilalim ng programa ng hula ang mga Hentil ay pagpapalain sa pamamagitan ng pag-angat ng mga Israelita.

Genesis 12:3 - "At ______________ Ko ang mga ______________ sa iyo... at ________________ sa iyo ang lahat ng angkan sa lupa."

Isaias 60:3 - "At ang mga bansa ay paroroon sa iyong liwanag, at ang mga hari sa ningning ng iyong ____________."

Isaias 62:2 - "At makikita ng mga bansa ang iyong _______________, at ng lahat na hari ang inyong _________________..."

Alam natin na ang Israel ay hindi tinanggap ang kanilang Hari, Juan 19:15 - "...Sinabi sa kanila ni Pilato, Ipapako ko baga sa krus ang inyong Hari? Nagsisagot ang mga pangulong saserdote, Wala kaming ______ kundi si __________."

Pagkatapos nito ay muli nilang tinanggihan ang kanilang hari sa Mga Gawa 3:18-21. Tal. 20, maaaring muling isugo ng Dios ang ____________ kung sila ay nagsisi.

Ipinaalam ng mga Israelita ang kanilang tugon sa Dios sa Mga Gawa 7:54-60 sa kanilang _______________ kay Esteban. Tinanggihan nila na maging sisidlan ng Dios upang maging daluyan ng pagpapala sa mga Hentil. Ngunit katulad ng ating nakita, ang mga Israelita ay muling babangon. Sila ang magiging sisidlang pinili ng Dios at ang mga Hentil sa darating na panahon ay pagpapalain sa pamamagitan ng muling pagbangon ng Israel.

Ang mga bagay ay kakaiba sa mga Hentil sa programa ng hiwaga ng Dios.

Basahin ang Mga Gawa 28:27,28

Tal. 27, ang puso ng Israel ay ________________.

Ang kanilang mga tainga ay ________________.

Ang kanilang mga mata ay _________________.

Tal. 28, ano ang ipadadala sa mga Hentil? Ang __________ ng Dios.

Basahin ang Roma 11:11,12,15

Tal. 11, sa ______________ ng Israel, ang kaligtasan ay dumating sa mga Hentil.

Tal. 12 - "Ngayon kung ang ________________ nga nila ay siyang ________________ ng sanglibutan, at ang _____________ nila ay siyang _______________ ng mga Hentil; gaano pa ang kapunuan nila?"

Tal. 15 - "Sapagka't kung ang _____________ sa kanila ay siyang _________________ ng ______________..."

Ang mga Hentil ay natagpuan ang kaligtasan, ang pagpapala ng Dios sa programa ng hiwaga, sa pamamagitan ng pagkahulog ng Israel.

Idagdag ulit ang mga ito sa iyong listahan sa unang aralin at siguraduhing maglagay ng mga suportang talata.

**Ilagay ang pangalan at petsa**

__________________________________________

# Ang Mga Butil ng Ginto na Ating Natagpuan

**Unang Aralin**

Roma 16:25; Mga Gawa 3:20,21; Roma 3:23; 5:6; 6:23

**Pangalawang Aralin**

Job 19:25,26; Efeso 2:6,7; Mga Awit 39:5b; 1 Timoteo 2:4

**Pangatlong Aralin**

Roma 4:18-21; Efeso 2:15,16; 1 Timoteo 1:15; 2 Corinto 5:21

**Pang-Apat na Aralin**

Pahayag 5:10; Roma 8:19; Efeso 1:18-20; 1 Timoteo 2:5

**Pang-Limang Aralin**

Mga Gawa 28:27,28; Efeso 2:8,9

**Ilagay ang pangalan at petsa**

________________________________________

## **Minero - Pang-Anim na Aralin**

**Talatang Sasauluhin** - Roma 3:21-26; Mateo 3:2

**Mga Talatang Dapat Tandaan sa Unang Aklat**: 1 Corinto 1:21

Sa programa ng kaharian, ang Israel ay hinihintay ang kaharian ng Dios na itatatag dito sa lupa. Ang ebanghelyo ng kaharian ang pangunahing ebanghelyo. Mateo 3:2 - "Magsisi kayo; dahil malapit na ang kaharian ng __________." Ating matatagpuan ang paliwanag para sa kahariang ito sa Daniel 2:44 - "At sa mga araw ng mga haring yaon ay maglalagay ang Dios sa ___________ ng isang ______________, na hindi ____________ kailan man, o ang _____________ man niyao'y iiwan sa ibang bayan; kundi pagpuputol-putulin at lilipulin niya ang lahat na kahariang ito, at yao'y lalagi ___________________." Basahin ang Daniel 7:27. Kanino ibinigay ang kahariang ito? ____________________________ Ito ba ang iniligtas na Israel o ang Katawan ni Cristo? Ito ang kaharian ng Dios na ipinangako kay David. 2 Samuel 7:7-17 at Mga Awit 89:1-34. Ang ipinangakong kahariang ito ay nakatitiyak ng:

1. Bahay ni David
2. Isang trono - maharlikang paghahari
3. Isang kaharian na malawak ang nasasakupan
4. Magpapatuloy - pangwalang-hanggan

Sa Mateo 3:2 ay binabanggit din kung ano ang gagawin ng Israel para maging handa sa kaharian. Ano ang pangunahing salita sa talatang ito? ____________ Ang ibig sabihin ng salitang magsisi ay "magbago ng pag -iisip."

Sinabi ng Panginoon sa Mateo 4:17 - "Mula noon ay nagpasimulang mangaral si Jesus, at magsabi, _____________ kayo; sapagka't __________ na ang __________ ng langit."

Ano ang sinabi ni Pedro sa Mga Gawa 2:38 - "At sinabi sa kanila ni Pedro, ___________ kayo, at magpabawtismo..." Sa Mga Gawa 3:19 - "Kaya dapat magsisi kayo, at magbalik-loob..." Ano ang dapat baguhin sa pag-iisip ng mga Israelita? Basahin ang Mga Gawa 3:13. Sino ang tinanggihan ng mga Israelita? __________________

Sa tal. 14, sino ang tinanggihan ng mga Israelita?

______________________________

Sa tal. 15, ano ang ginawa ng mga Israelita?

________________________________

Sa Mga Gawa 5:31, ang mga Israelita ay dapat na sumampalataya na si Cristo ay ____________ at _____________, upang magbigay ng ___________ sa Israel, at _______________ ng mga kasalanan.

Nagsisi ba ang mga Israelita? Mga Gawa 5:33 - "Datapuwa't sila, nang kanilang marinig ito, ay nangasugatan sa _________, at nangagpasiyang sila'y _____________."

Basahin ang Mga Gawa 7, ang buong kabanata. Ito ay magbibigay sa iyo ng maiksing buod ng kasaysayan ng pagtanggi sa Salita ng Dios ng mga Israelita. Sa tal. 35, sino ang tinanggihan ng mga Israelita? ____________ Sa tal. 39, ano ang ginawa ng mga Israelita kay Moises? "Sa kaniya'y ayaw ______________ ang ating mga magulang, kundi siya'y kanilang ___________, at sa kanilang mga ___________ nangagbalik sa Egipto. "

Sa tal. 41, saan natuwa ang mga Israelita? Sa mga ________ ng kanilang ______.

Sa tal. 43, kaninong tabernakulo ang itinayo ng mga Israelita? _______________ "...At ang bituin ng dios ________, Ang mga larawang ______________ ninyo upang inyong sambahin,,," sa halip na ang tunay at buhay na Dios.

Sa tal. 51, ang mga Israelita ay nagsisalangsang sa __________________ katulad ng ginawa ng kanilang mga _______________.

Sa tal. 52, ano ang ginawa ng mga magulang ng Israelita sa kanilang mga propeta? _______________

Pagkatapos ay sinabi ni Esteban sa konseho ng mga pinunong Judio sa tal. 52 na sila ang naging ________________ at _______________ ng Matuwid (Jesu-Cristo).

Sa halip na sila ay magsisi, ano ang kanilang naging tugon sa sinabi ni Esteban? Tal. 54-58

__________________________________________________

Oo, ang mga Israelita ay dapat na magsisi tungkol sa kung ano si Jesu-Cristo!

Basahin ang Lukas 2:25-38 at tingnan kung ano ang tunay na mga Israelita, iyong mga naniwala at sumampalataya sa Salita ng Dios, sumampalataya tungkol sa Panginoong Jesu-Cristo.

Siya ang kanilang Tagapagligtas, Hari, Anak ng Dios, na matagal ng hinihintay ayon sa Lukas 2:25 - _______________ ng Israel, tal. 26 - ang Panginoong __________, tal. 30 - _________________, tal. 38 - ang ___________________ ng Jerusalem. Ito ay ang ebanghelyo ng kaharian.

Ano ang ebanghelyo sa programa ng hiwaga? Mga Gawa 20:24, ang ebanghelyo ng _____________ ng Dios. Ang ebanghelyong ito (ang Salita ng Dios sa atin) ang ______________ ng Dios kay Pablo sa Roma 1:1. Ito ang ebanghelyo na handang _______________ ni Pablo sa Roma 1:15,16. Si Pablo ay hindi _______________ ang _____________: sapagka't ito ang _________________ ng Dios sa ______________ ng bawa't sumasampalataya.

Sinimulan itong tawagin ni Pablo na ____________ ebanghelyo sa Roma 2:16 at Roma 16:25, ayon sa _________ ebanghelyo.

Ito ang ebanghelyo ng biyaya ng Dios. Ginamit ni Pablo ang salitang biyaya ng may 120 beses sa kanyang mga liham. Ito ay higit pa sa lahat ng ginamit ng mga sumulat ng mga kasulatan kung pagsasama-samahin. Ang biyaya ng Dios ay idinideklara na ang mga makasalanan ay naligtas sa pamamagitan lamang ng natapos na gawain ni Cristo sa krus. Ibinigay na ng Dios ang lahat ng kinakailangan upang iligtas ang mga tao.

Basahin ang Roma 3:21-26, ang tal. 21 ay nagsisimula sa dalawang mahalagang salita "_________ ___________." Ang mga salitang ito ay nagpapahiwatig ng pagbabago ng dispensasyon. Wala pang sinuman ang nagpahayag ng mensaheng ito na ipinapahayag ni Pablo dito sa Roma. Ang katuwiran ng Dios ay para sa lahat, ngunit maibibilang, maipagkakaloob, maibibigay lamang sa lahat ng sasampalataya.

Tal. 22 - "Sa makatuwid baga'y ang ______________ ng _________ sa pamamagitan ng ________________ kay _____________ sa lahat ng mga nagsisisampalataya..."

Ang katuwiran ng Dios (ito ang kinakailangan natin) ay _____________ sa pananampalataya ni Jesu-Cristo. Pansinin natin ang ginamit na salita ni Pablo, dahil at hindi sa pananampalataya kay. Ang katuwiran ng Dios ay ibinigay lamang sa atin dahil sa katapatan ni Cristo, karapat-dapat Siya, sa Kanyang kakayahan at gawain.

2 Corinto 5:21 - "Yaong hindi nakakilala ng kasalanan ay Kaniyang inaring may ________ dahil sa atin: upang tayo'y maging sa Kaniya'y _____________ ng Dios."

Galacia 2:16 - "Bagama't naaalaman na ang tao ay hindi inaaring-ganap sa mga gawang ayon sa kautusan, maliban na sa pamamagitan ng _______________ kay Jesu-Cristo, tayo rin ay nagsisampalataya kay Cristo Jesus, upang tayo'y ariing-ganap sa pamamagitan ng ________________ kay Cristo..."

Sa Roma 3:22 ay sinabi na ang katuwiran ng Dios ay tiyak dahil sa katapatan ni Cristo ay __________ sa lahat o ibinibigay sa lahat ngunit ito ay para lang sa mga ___________________ sa Kanya. Ito ay ang simpleng paniniwala sa Salita ng Dios tungkol sa kaligtasan sa pamamagitan ng natapos na gawain ni Cristo sa krus. Maaaring sabihin ng iba, "Napakasimple lang pala." Pero ito ang paraan ng Dios, ang tanging paraan kung paanong ang mga makasalanan ay maliligtas na ang resulta ay makikita sa tal. 24 - _________ __________ na walang bayad dahil sa Kanyang ___________.

Biyaya - ito ang gustong gawin ng Dios. Natutuwa ang Dios na iligtas ang mga makasalanan. Ibinigay Niya ang lahat ng kakailanganin sa kaligtasan ng mga makasalanan at Siya ay natuwa, Siya ay lubos na nagagalak na iligtas sila.

Tal. 24 - "Yamang pinaging matuwid sa _______________ ng Kaniyang biyaya..."

Kung paanong ang mga tao ay kinamuhian si Cristo ng walang dahilan, ang Dios naman ay nagagalak na iligtas ang mga makasalanan at ariing-ganap (ng walang dahilan) hindi dahil sa ating mga ginawang mabuti, kundi sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya!

Ang prinsipyong pinagagana ng Dios dito ay ang BIYAYA na nasa programa ng hiwaga. Hindi lamang para sa kaligtasan kundi rin naman sa

pagpapala, pagtuturo at pamumuhay. Basahin ang Tito 2:11-12. Ano ang itinuturo sa atin ng biyaya? Upang:

1. ________________________________________________

2. ________________________________________________

Upang mabuhay na:

1. ________________________________________________

2. ________________________________________________

Ang biyaya ay ang lahat ng mga bagay na ibinigay ng Dios sa atin dahil sa ginawa at natapos na gawain ni Cristo sa krus. Anumang mabubuting ginawa natin para maging katanggap-tanggap sa Dios ay nasa ilalim ng kautusan para tayo ay hatulan. Ang ebanghelyo ng biyaya ng Dios ay ang langit ang destinasyon kung saan ang mga mananampalataya ay bahagi ng kaharian ng Dios. 1 Tesalonica 2:12 - "...para sa Kanyang _______________ at ______________."

Colosas 4:11 - "...sa _________________ ng Dios."

Colosas 1:13 - "...at naglipat sa atin sa ______________ ng Anak ng Kaniyang pag-ibig."

Oo, tayo ay bahagi rin ng Kaharian ng Dios! Hindi ang kaharian Niya dito sa lupa kundi sa Kaniyang kaharian sa langit.

Siguraduhin mo na idagdag mo ang pagkakaiba ng dalawang ebanghelyong ito sa iyong listahan.

**Ilagay ang pangalan at petsa**

____________________________________________

## Minero - Pang-Pitong Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Mateo 28:19,20

**Mga Talatang Dapat Tandaan sa Unang Aklat**: Roma 4:5; Mga Gawa 13:39

Wala na sigurong doktrina na nagpahiwa-hiwalay sa katawan ni Cristo maliban sa doktrina ng bawtismo. Kung ating mauunawaan ang bawtismo ayon sa dispensasyon, katulad ng, ano ang ibig sabihin ng bawtismo sa ilalim ng programa ng hula at ano ang ibig sabihin ng bawtismo sa programa ng hiwaga, ay makakatulong sa atin na maiwasan ang kaguluhan. Dahil pinag-aralan na natin ng malawak ang doktrinang ito sa pang -sampung aralin sa Amethyst, magbabalik aral na lamang tayo. Ang Israel ayon sa programa ng hula ay kikilos bilang _________________ saserdote ayon sa 1 Pedro 2:9. Sa Exodo 19:6 ang Israel ay magiging kaharian ng mga _____________. Sa Exodo 29 ay tinuturuan ang mga Israelita tungkol sa gawain ng mga saserdote. Sa tal. 4, ano ang ginawa sa mga saserdote? ___________________ ___________ Ang bawtismo sa tubig ay bahagi ng utos na ibinigay ng Panginoon sa Kanyang 12 apostol. Basahin ang Mateo 28:19,20 - "Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong ________________..." Bakit mahalaga ang bawtismo sa tubig? Upang masunod ang utos ng Panginoon, sinabihan ni Pedro sa Mga Gawa 2:38 ang mga Israelita, (tal. 22 - "Kayong mga lalaking taga _________, pakinggan ninyo ang mga salitang ito) ...Mangagsisi kayo, at _________________... sa ___________________ ng inyong mga kasalanan."

Ang bawtismo ay pisikal para sa Israel sa ilalim ng programa ng hula. Pero ang bawtismo ay espiritwal din sa Israel sa ilalim ng programa ng hula. Basahin ang Mateo 3:11. Si Cristo ay babawtismuhan sila sa pamamagitan ng _________________ at ng _________. Sa Mga Gawa 1:5 babawtismuhan sila ni Cristo sa pamamagitan ng ____________________. Sa ilalim ng programa ng hula ay makikita natin na ang bawtismo ay parehong pisikal at espiritwal.

Sa ilalim ng programa ng hiwaga ay ating nalaman na may <u>isa lamang</u> na bawtismo. Efeso 4:5 - "Isang Panginoon, isang pananampalataya, isang bawtismo." Ang bawtismong ito ay bahagi ng ipinahayag na katotohanan kay Pablo na ___________________ sa kasulatan bago pa du-

mating si Pablo ayon sa Efeso 3:8. Kung kayat si Pablo ang magsasabi sa atin tungkol sa Isang Bawtismo. Basahin ang Roma 6:1-5 at magbigay ng kahulugan ng bawtismo sa panahon ng biyaya. ____________________________________________________________ ______________________________________________________________ _________________

Pwede mong balikan ang aralin sa Amethyst kung kailangan mo ng tulong tungkol dito. Basahin ang 1 Corinto 12:13. Sino ang nagbabawtismo sa isang tao kapag sila ay sumampalataya kay Cristo bilang Tagapagligtas? _______________________

Kanino tayo binababawtismuhan ng Banal na Espiritu ayon sa Galacia 3:26,27? __________________________

Sa Tito 3:5,6 ang mga mananampalataya ay naligtas "...sa pamamagitan ng _________________ sa ________________ at ng ____________ sa Espiritu Santo." Sinabi ni Pablo sa 1 Corinto 1:17 na siya ay isinugo _______ para ______________ kundi ipangaral ang ______________. Kaya malinaw na hindi ang ebanghelyo na tinatawag na "Dakilang Utos" na makikita sa Mateo 28:19,20 ang tinutukoy dito.

Mga ilang katanungan:

* Bakit binawtismuhan sa tubig si Pablo? Basahin ang Mga Gawa 9:17-19. Si Ananias ay isang Judio na nabubuhay sa ilalim ng programa ng hula at si Pablo ay hindi pa natatanggap ang pahayag tungkol sa hiwaga. Kung kaya dapat lamang na bawtismuhan si Pablo.

* Bakit nagbawtismo sa tubig si Pablo? Nang pansamantalang isantabi ng Dios ang Israel, ito ay pa-unti-unti lang. Basahin ang Lukas 13:6-9. Sa talinghagang ito ay makikita natin ang tatlong taon (ang pang-publikong ministeryo ni Cristo) may isang lalaki ang pumunta sa puno ng igos (Israel) upang maghanap ng bunga doon at walang nakita. Tinanggihan at ipinako sa krus ng Israel si Cristo. Inutusan Niya ang mga tagapag-alaga ng ubasan na _________________ ang puno ng igos. Ngunit ang tagapag-alaga ng ubasan ay nakiusap na bigyan pa ng _______ taon ang puno ng igos sapagkat huhukayan niya ito sa paligid at lalagyan ng abono upang makita na ito ay magbubunga ng prutas (ang Aklat ng Mga Gawa at

ilang bahagi ng ministeryo ni Pablo). Roma 11:11 - "...datapuwa't sa pagkahulog nila'y dumating ang pagkaligtas sa mga Hentil, upang _________________ sila sa _______________." Ang mga kaloob, mga tanda (bawtismo) sa loob ng ilang panahon (isang taon) ay umabot sa mga Hentil sa pag-asang ang Israel (ang puno ng igos) ay magsisi at mamumunga. Nangyari ba ito? Basahin ang Mga Gawa 28:25-31. Sa tal. 27, ano ang nangyari sa puso ng mga Israelita? ________________ sa kanilang tainga? _________________ sa kanilang mga mata? _____________________

* Dapat ba nating sundin si Cristo sa bawtismo? Basahin ang Mateo 3:13-17. Sa tal. 15 - "...sapagka't ganyan ang nararapat sa atin, ang pagganap ng buong _________________." Ang Kanyang bawtismo ay nagpapakilala sa Kaniya sa mga sumasampalatayang Israelita bilang kanilang propeta, pari at hari. Juan 1:31 - "At Siya'y hindi ko nakilala; datapuwa't upang Siya'y mahayag sa ____________, dahil dito'y naparito ako na ,_______________ sa ___________." Sa ministeryo ni Cristo sa lupa, Siya ay dumating bilang isang Judio na nasa ilalim ng ministeryo ng pagtutuli. Roma 15:8 - "Sapagka't sinasabi ko na si Cristo ay ginawang ministro ng _______________ dahil sa katotohanan ng Dios, upang kaniyang mapagtibay ang mga _______________ ibinigay sa mga _______________ (Israel)."

Sa programa ng hiwaga ay mayroon lamang na ISANG bawtismo. Ito ay espiritwal at ginagawa lamang ng Dios na Banal na Espiritu.

Idagdag ulit ang malaking pagkakaibang ito tungkol sa bawtismo sa iyong listahan!

**Ilagay ang pangalan at petsa**

_________________________________________

## Minero - Pang-Walong Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Roma 2:29; Colosas 2:11-13

**Mga Talatang Dapat Tandaan sa Unang Aklat**: 2 Corinto 5:17; Colosas 2:10

Isang kakaibang bahagi ng programa ng hula ay ang tungkol sa pagtutuli. Basahin ang Genesis 17:9-14. Ang pagtutuli ay __________ na muling nagpapatibay ng tipan na ginawa ng Dios kay ___________________. Sa panahon ni Moises, ang pagtutuli ay naging bahagi na ng Kautusan. Basahin ang Levitico 12:3 - "At sa ikawalong araw ay ______________ ang bata sa laman ng kaniyang balat ng masama." Ang pagtutuli at ang kautusan ay magkasama. Basahin ang Roma 2:25 - "Sapagka't ang ________________ tunay na pinakikinabangan, kung tinutupad mo ang _____________..." Kung kayat si Pablo ay sinulatan ang mga taga-Galacia na gustong bumalik sa kanilang mga "relihiyosong gawain" at kanyang sinabi sa Galacia 5:3 - "Oo, pinatotohanan kong muli sa bawa't taong tumatanggap ng ________________, na siya'y may kautangang _______________ ng buong ________________."

Ang panglabas na pagsunod sa pisikal na pagtutuli ay isang tanda ng pangloob na ugali ng puso na nakakaunawa na sa kanyang laman siya ay walang magagawa. Na tanging sa pananampalataya sa kakayahan ng Dios na isasagawa para sa kanya na hindi magawa ng kanyang laman ay ginawang katanggap-tanggap ng Dios para sa kanya. Roma 2:29 - "Datapuwa't siya'y Judio sa _________; at ang ______________ ay yaong sa _________, sa _____________ hindi sa titik; ang kaniyang kapurihan ay hindi sa mga tao, kundi sa Dios."

Ganito rin ang katotohanan sa kautusan. Hindi ang pagtataglay ng kautusan o maging ang pagiging matuwid ng sarili doon ang magdadala upang maging katanggap-tanggap sa Dios. Ang kautusan ay dapat na sundin dahil sa "kaalaman ng kasalanan" upang dalhin ang tao na dumepende sa Dios. Roma 3:20 - "...sapagka't sa pamamagitan ng ______________ ay ang ________________ ng ________________."

Roma 10:3 - "Sapagka't sa hindi nila pagkaalam ng ________________ ng Dios, at sa pagsusumakit na maitayo ang _____________ kanila, ay hindi sila napasakop sa katuwiran ng _______________."

Ang pisikal na pagtutuli ay kinakailangan para maging katanggap-tanggap sa Dios ngunit ang pagsunod sa pamamagitan ng pananampalataya ang nagliligtas. Ang pananampalataya ang tanging nais ng Dios sa mga bagay na Kanyang kinakailangan.

Sa programa ng hula ang pagtutuli ay parehong pisikal at espiritwal. Paano naman ang pagtutuli sa dispensasyon ng biyaya? Basahin ang Colosas 2:11-13 - "Na sa Kaniya ay tinuli rin naman kayo ng ________________ hindi ________ ng mga kamay, sa pagkahubad ng katawang _________, sa _____________ ni Cristo."

Ang pagkapako sa krus ni Cristo ay nagdala ng kamatayan sa ating laman. Roma 6:6 - "Na nalalaman natin, na ang ating datihang pagkatao ay kalakip Niyang ____________ sa krus, upang ang __________________ ay magiba, at nang sa gayo'y huwag na tayong ________________ pa ng kasalanan."

Filipos 3:3 - "Dahil tayo ang ______________, na nagsisisamba sa Espiritu ng Dios, at nagmamapuri kay Cristo Jesus, at walang anomang ________________ sa _________."

Ang ating laman (lahat ng na kay Adan) ay ipinako sa krus, pinutol, sa ating pakikisama sa pagkamatay ni Cristo. Ito ay ___________ ng Dios ayon sa Colosas 2:12.

Sa Galacia 5:11 ay makikita natin na sinabi ni Pablo: "Nguni't ako, mga kapatid, kung ipinangangaral ko pa ang ____________, bakit ako'y pinag-uusig pa? kung gayon ay natapos na ang katitisuran sa krus."

Ang katitisuran sa krus - Tingnan ang salitang "katitisuran" sa diksyunaryo. Ano ang ibig sabihin nito? __________________________________ Ano ang katitisuran sa krus?

Tingnan sa 1 Corinto 1:18 - "...ito'y ___________________ ng Dios sa atin na nangaliligtas."

1 Corinto 1:23 - "si Cristong _________________ sa krus."

Tanging ang krus lamang ang bagay na tatanggapin ng Dios para sa ating kaligtasan. Ito ay katitisuran sa pagmamataas ng mga hindi mananampalataya at ng kanilang pagiging matuwid sa sarili.

Naisip ng mga taga-Galacia na ang pisikal na pag-obserba ng pagtutuli ay magdadala sa kanila sa pagiging perpekto. Galacia 3:3 - "Napakamangmang na ba kayo? kayong nagpasimula sa Espiritu, ngayo'y nagpapa-kasakdal kayo sa ___________?"

Anumang pagpapasakop sa mga seremonyang relihiyoso ay pagtanggi sa kumpleto at natapos na gawain ni Cristo! Colosas 2:10 - "At kayo ay ____________ na sa Kaniya..." Sa dispensasyon ng biyaya, ang pagtutuli ay espiritwal.

Siguraduhin mo na idagdag ang pagtutuli sa iyong ginawang listahan.

**Ilagay ang pangalan at petsa** ____________________________

**Minero - Pang-Siyam na Aralin**

**Talatang Sasauluhin** - 2 Timoteo 2:8; Mga Gawa 2:30; Roma 4:5

**Mga Talatang Dapat Tandaan sa Unang Aklat**: Galacia 3:26

Ang pagkabuhay na muli ng Panginoong Jesu-Cristo ay may malaking pagbabago para sa programa ng hula at para sa programa ng hiwaga. Upang maintindihan ang isang aspeto ng pagkabuhay na muli ni Cristo ayon sa programa ng hula ay tingnan ang Mga Gawa 2:25-31. Si David ng sabihin niya ang tungkol kay Cristo ayon sa tal. 30 - "...na sa bunga ng kaniyang baywang ay ______________ niya ang ____ sa kaniyang __________."

Ang Dios ay gumawa ng tipan kay David na mula sa kanyang lahi ay isang hari ang darating na Siyang magtatatag ng trono at kaharian magpakailanman. Basahin ang Isaias 9:6,7. Ano ang limang pangalan ni Cristo ang binanggit sa tal. 6?

1. _________________________
2. _________________________
3. _________________________
4. _________________________
5. _________________________

Sa tal. 7 si Cristo ay aayusin at _______________ ang Kanyang kahari-an na may _______________ at _________________ magpakailanman.

Basahin ang Jeremias 23:5,6. Si Cristo ay tinatawag na matuwid na _________ at isang Hari.

Sa tal. 6 ang Israel ay mabubuhay na may ________________ sa kaharian; na hindi magawa ng anumang kasunduang pangkapayapaan ngayon.

Basahin ang Jeremias 33:14,15 at Amos 9:11,12.

Basahin ang Mga Awit 74. Samantalang ang mga Israelita ay nasa pagka-alipin ay nakiusap sa Dios na tuparin ang Kaniyang mga pan-gako ayon sa tipan sa Kaniyang bayan.

Sa tal. 20 nais nilang ang Dios ay magkaroon ng _______________ sa tipan. Ipinadala ng Dios ang kanilang hari. Ngunit ang Israel ay hindi naintindihan ang dalawang pangunahing layunin ng kanilang hari, bilang tupa na kanilang manunubos at bilang isang leon para sa kanilang kaligtasan.

Basahin ang Juan 1:29 - "...Narito, ang _____________ ng Dios, na nag -aalis ng kasalanan ng sanglibutan!"

1 Pedro 1:19 - "Kundi ng mahalagang dugo, gaya ng sa _______________ walang kapintasan at walang dungis, sa makatuwid baga'y ang dugo ni Cristo."

Pahayag 5:9 - "...sapagka't Ikaw ay _______________, at _____________ mo sa Dios ng Iyong ___________..."

Pahayag 5:5 - "...narito, ang ________ sa angkan ni _________, ang Ugat ni _________..."

Ang kanilang hari, tagapagligtas, ang Leon ng Juda, binalewala, tinanggihan at ipinako sa krus! Nagulo ba ang plano ng Dios para sa Kanyang kaharian? Hindi! Ang mga pangyayaring ito ay nakatiyak ng katubusan ng Israel at ang muling pagkabuhay ni Cristo ay nakatiyak ng mga pangako ng kanilang hari at ng Kaniyang kaharian.

Basahin ang Pahayag 17:14 - "...at sila'y dadaigin ng Cordero, sapagka't siya'y Panginoon ng mga panginoon at ________ ng mga ________..."

Ang dalawang pagparito ni Cristo ay makikita sa Mga Awit 22. Basahin ang kabanatang ito ng may limang beses. Sa tal. 22 ay pupunta tayo sa pagkapako sa krus ni Cristo hanggang sa Kaniyang muling pagkabuhay. Sa tal. 28 - "...Sapagka't ang ____________ ay sa Panginoon: at Siya ang __________ sa mga bansa." Ang muling pagkabuhay ni Cristo ayon sa programa ng hula ay nakatitiyak ng lahat ng mga pangako para sa Israel.

Ano naman ang ibig sabihin ng pagkabuhay na muli ni Cristo sa dispensasyon ng biyaya? Dapat nating tingnan si Pablo upang maunawaan natin ang muling pagkabuhay ni Cristo ayon sa ebanghelyo na kanyang ipinangaral. 2 Timoteo 2:8 - "Alalahanin mo si Jesu-Cristo na _______________ sa mga patay, sa binhi ni ________, ayon sa aking _______________."

Basahin ang Roma 4:25 - "Na _______________ dahil sa ating mga kasuwayan, at ____________ na mag-uli sa __________________ natin." Ang talata bang ito ay nagtuturo na ang muling pagkabuhay ni Cristo at hindi ang Kaniyang kamatayan ang tumiyak ng ating pag-aaring ganap? Tingnan natin ang ilang mga talata.

Roma 5:9 - "Lubha pa nga ngayong _________________ sa pamamagitan ng Kaniyang ____________..."

Roma 3:24 - "Palibhasa'y _______________ na walang bayad ng Kaniyang biyaya sa pamamagitan ng _________________ (pagbabayad ng halaga) na nasa kay Cristo Jesus."

Ang natapos na gawain ni Cristo sa krus ang gumanap ng lahat nating kailangan para sa ating pagiging ganap (matuwid) ayon sa mga talatang ito. Ang basehan ng pag-aaring ganap (ang kahatulan ng pagiging matuwid) ay kumpletong nagawa ni Cristo sa pamamagitan ng Kaniyang kamatayan. Ang muling pagkabuhay ang opisyal na pagtanggap ng Dios sa kabayaran ng mga kasalanan na ginawa ni Cristo. Roma 3:25 at 26 ay sinasabi na: "Na Siyang inilagay ng Dios na maging __________________, sa pamamagitan ng pananampalataya, sa Kaniyang _________, upang maipakilala ang Kaniyang _______________ dahil sa hindi pagpansin sa mga kasalanan na nagawa nang nagdaang panahon sa pagpapahinuhod ng Dios; Sa pagpapakilala'y aking sinasabi, ng Kaniyang ______________ sa panahong kasalukuyan, upang Siya'y maging ganap at _________________ sa may pananampalataya kay _________."

Ang pananampalataya kay Cristo na Siya lamang at natatangi, sa pamamagitan ng Kaniyang sariling dugo, ang kumpletong nakapagbayad ng kanilang mga kasalanan. Dahil ito ang pinaniniwalaan ng Dios tungkol sa kumpletong ginawa ni Cristo sa krus. Ang gawain ay natapos na, ang katuwiran nito ay makikita natin sa Mga Gawa 2:24 - "Na Siya'y binuhay na mag-uli ng Dios, pagkaalis sa mga hirap ng kamatayan: sapagka't _______ maaari na Siya'y ____________ nito."

Isaias 25:8 - "______________ Niya ang _________________ magpakailan man..."

Ang pagkabuhay na muli ang tumatayo na patotoo ng pagtanggap ng Dios sa natapos na gawain ng Kaniyang Anak. Kung hindi muling nab-

uhay si Cristo ay hindi natin malalaman kung ang ibinayad ni Cristo ay sapat na kabayaran para sa kasalanan. 2 Corinto 5:21 - "Yaong hindi nakakilala ng kasalanan ay Kaniyang inaring __________ dahil sa atin: upang tayo'y maging sa Kaniya'y ______________ ng Dios." Kung kayat taglay natin ang pwedeng ipahayag ng matuwid na Dios sa ating pagiging ganap. Ang muling pagkabuhay ni Cristo ang patotoo na ang Dios ay tutuparin ang Kaniyang pangako para sa kaharian at ang patotoo din sa kumpleto at minsang sakripisyo ni Cristo para sa ating mga kasalanan.

**Ilagay ang pangalan at petsa**

________________________________________

## **Minero - Pang-Sampung Aralin**

**Talatang Sasauluhin** - Efeso 2:8-10

**Mga Talatang Dapat Tandaan sa Unang Aklat**: 1 Corinto 6:19

Patuloy nating pinag-aaralan ang mga pangunahing pagkakaiba sa pagitan ng programa ng hula ng Dios at ng Kaniyang programa ng hiwaga. Kapag ating naintindihan ang importanteng pagkakahati nito sa mga kasulatan ay "aabot tayo sa pagkaalam ng katotohanan" - 1 Timoteo 2:4. May ilang kritiko ng pag-aaral na ganito ang nagsasabi na inilalagay daw natin ang ilang mga kasulatan sa "mababang" antas at ang ibang mga kasulatan naman ay sa "mataas" na antas. Lahat ng mga kritikong ito ay hinahati din ang mga kasulatan! Ayon sa aking kaalaman ay walang sinuman sa kanila ang patuloy na nag-aalay ng mga hayop bilang sakripisyo o di kaya ay binabato ang mga anak na rebelde sa kanilang magulang na ito ang karapat-dapat sa programa ng kautusan. Ang problema ay nagmumula sa hindi paniniwala sa lahat ng mga pangako ng Dios at mga sumpa para sa Israel ay magkakatotoo at mangyayari sa mga Israelita. At pangalawa, ang pagtanggi sa mga iniutos ng Dios kay Pablo tungkol sa bagong tao, ang iglesya, ang Katawan ni Cristo, na inilihim ng Dios, na binigyan ng sariling palatuntunan, mga pangako at makalangit na hinaharap. Ang malaman kung saang programa tayo nabubuhay at anong mga kasulatan ang para sa atin ay mapaparangalan, susundin, maluluwalhati at itataas, ang buong salita ng Dios.

Ang balewalain, tanggihan, makipag-kompromiso at guluhin ang pinaka-importanteng pagkakahating ito ay pagrerebelde sa Dios at mananatiling mangmang sa plano at layunin ng Dios. Colosas 1:9,10 - Nais ng Dios na ang Kanyang mga tao ay "...puspusin ng ______________ ng Kaniyang ______________, sa buong _________________ at __________________ ayon sa espiritu, Upang kayo'y _____________ ng ___________ sa Panginoon, sa buong ________________ Niya, at _______________ sa bawa't ________________, at ________________ sa ________________ ng Dios."

Ang Dios ay hindi nalulugod sa mangmang na banal/mananampalataya. Basahin ang Efeso 1:8,9 - "Na pinasagana Niya sa atin, sa buong ____________ at ______________." Papaano? Tal. 9 - "Na __________________ Niya sa atin ang ______________ ng ______________

kalooban, ayon sa Kaniyang _______________ na ipinasiya Niya sa Kaniya rin."

Nakipag-usap ako sa isang mananampalataya tungkol sa mga katotohanang ito at ito ang kaniyang naging komento, "Huwag kang maging mapili, pinapalaki mo iyong mga bagay na maliliit. Kailangan lang natin ay mahalin si Jesus." Oo naman, gusto nating mahalin ang Panginoon ngunit ano ang sinasabi sa Juan 4:24 sa ating pagsamba sa Dios? Sa ______________ at ________________.

Ang pangangaral kay Jesu-Cristo ay ayon sa ________________ ng _____________, Roma 16:25, ay para sa ___________________ sa ______________, tal. 26. Ngayon kung ang sinuman ay gustong ipangaral si Cristo na nakilala bago ang kapahayagan ng hiwaga kay Pablo, sila ay direktang hindi susunod sa mga talatang ito.

Umaasa ako na ang mga pagkakaibang ito ay natatangi at mahalagang katotohanan na makatutulong upang malaman at mapahalagahan ang ating dakilang Panginoon at Tagapagligtas.

Isa pang mahalagang pagkakaiba sa programa ng hula ay pansamantala itong <u>itinigil</u>. Basahin ang Roma 9-11. Sa Roma 11:25 ay makikita natin na ang pansamantalang _______________ ay nangyari sa ____________, hanggang ang kapunuan ng mga ______________ ay dumating. Ang programa ng hula ay itinigil ngunit ang programa ng HIWAGA ay nagpapatuloy NGAYON! Basahin ang Efeso 3:1-17. Ano ang ipinapangaral ni Pablo sa tal. 8? _________________ ______________________ ni Cristo. Ano ang ibig sabihin ng "hindi malirip" sa talatang ito? ____________________________________________________________

Ano ang ipinapaalam ng iglesya sa mga pamunuan at pamahalaan sa sangkalangitan sa tal. 10? Ang ________________ ng ________________ ng Dios.

Basahin ang Colosas 1:24-29. Sa tal. 25, si Pablo ay ginawang ______________, ayon sa ________________ na mula sa Dios na ibinigay sa akin para sa inyo upang _________________ ang salita ng Dios. Matupad ang ibig sabihin ay makumpleto. Nang ibaba ni Pablo ang kanyang lapis pagkatapos isulat ang 2 Timoteo, ang salita ng Dios ay

kumpleto na. Ang talatang ito ay salungat sa anumang "karagdagang" mga salita na mula sa Dios na diumano ay kanilang tinanggap!

Ang panuntunan ng Dios para sa panahon natin ngayon ay matatagpuan sa mga sulat ni Pablo at wala ng iba pa!

Ang ibig bang sabihin nito ay itatapon at babalewalain na natin ang iba pang bahagi ng mga kasulatan? 2 Timoteo 3:16 - "Ang ________ ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay ___________________ din naman sa _______________, sa _______________, sa _______________, sa ______________ na nasa katuwiran." Basahin ang 1 Corinto 10:1-15. Sa tal. 11 ay mababasa natin na ang lahat ng ito ay _________________ sa kanila. Ilista ang dalawang bagay na nangyari sa Israel sa talatang ito at kung bakit ito nangyari. _______________________________________________________________ _________________________________________________. Idinagdag pa sa tal. 11 na ito ay ____________________ para sa pagpapaalala sa atin. Sa tal. 6 ay makikita natin na ang mga bagay na nangyari sa Israel ay _____________________ para sa atin. Hindi ba tayo interesado sa ilang mga kasulatan? Huwag nawang mangyari! Kung iyong babalikan at titingnan ang mga pagbubulong-bulong at hindi pagpapasalamat ng mga Israelita, may nakikita ka bang parehong kalagayan ng iglesya? Ang Israel ay binawtismuhan kay Moises sa tal. 2 nang kanilang makita ang makapangyarihang pagliligtas at kapangyarihan ng Dios na bumagsak lamang sa pagrereklamo at hindi pagpapasalamat. Tayo ngayon ay binawtismuhan ng Espiritu sa katawan ni Cristo at iniligtas mula sa kabayaran, pagka-alipin at hatol sa ating mga kasalanan. Binigyan tayo ng maluwalhating posisyon kay Cristo at lahat ng kinakailangan para sa matagumpay na pamumuhay Cristiano, at saan natin makikita ang mga taga-Corinto at ang iglesya sa ngayon? Marami pa rin ang umaasa sa mga milagro at mga tanda ng nakalipas na dispensasyon sa halip na magpasalamat sa Dios sa ating mga espiritwal na pagpapala na matatagpuan sa Efeso 1:3-14. Ilista ang lima sa mga ito:

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________
5. ______________________________

Salamat sa Dios na hindi na natin mararanasan ang "nangyari" sa kanila dahilan sa pagrereklamo at hindi pagpapasalamat!

Ang hinaharap para sa programa ng hula at hiwaga ay makikita sa Efeso 1:10. Ang programa ng hula ay ang Kaharian ng Langit dito sa lupa na si Cristo ang namumuno at gumagawa ayon sa ipinangako sa kanilang posisyon. Basahin ang Daniel 2:44 at Pahayag 21, 22. Isang maluwalhating kinabukasan ang naghihintay sa mga iniligtas na Israelita sa kanilang paghahari, Pahayag 22:5 - "____________________." Pahayag 22:3 - ang "________ ng Dios at ____________ ng Kordero ay naroroon."

At ang hinaharap para programa ng hiwaga? Basahin ang Efeso 1:19-23. Saan nakaupo si Cristo? ______________________________ Bakit si Cristo ay nasa ibabaw ng lahat? Hindi lamang sa sanglibutang ito, kundi naman sa _______________. "At ang lahat ng mga bagay ay pinasuko Niya (Ama) sa ilalim ng Kaniyang mga ________, at Siyang pinagkaloobang maging pangulo ng _________ ng mga bagay sa ____________."

Basahin ang Colosas 1:16-19. Sa tal. 18 si Cristo ay ________________ sa lahat ng bagay. Ano ang ibig sabihin ng salitang "pangunahin"?

____________________________________________________________

Basahin ang Efeso 2:6. Saan nakaupo ang mga mananampalataya? Sa ______________________.

Basahin ang Filipos 3:20,21. Nasaan ang ating pagkamamayan? __________ Ano ang mangyayari sa ating mga katawan?

____________________________________________________________

Kapag kasama na natin Siya na taglay ang ating maluwalhating katawan, magagawa Niyang ____________________ ang lahat ng bagay sa Kaniyang sarili.

Ano ang dalawang bagay na ating gagawin doon sa kalangitan ayon sa 1 Corinto 6:2,3?

____________________________________________________________

Basahin ang 1 Tesalonica 4:13-18. Sino ang sasalubungin ng mga mananampalataya sa tal. 17? _________________ Sino ang mga kasama Niya? _________________ Gaano ito magtatagal? _____________________________

Sa 1 Tesalonica 3:13 tayo ay ihaharap sa _________, at sa ating ___________, sa anong kalagayan? ______________________________. Naiisip mo na ba ang "pagparito ng ating Panginoong Jesus na kasama ang Kaniyang lahat na mga banal." Oo, tayo ay bahagi ng "Kaharian ng Dios", ang kaharian sa langit.

Sa 2 Timoteo 4:18, alam ni Pablo na siya ay iingatan hanggang sa _____________ sa _____________.

Roma 8:17 - tayo ay ________________ ng Dios at ______________ tagapagmana ni _________.

Marami pang mga bagay na dapat nating malaman tungkol sa hinaharap ngunit nakatitiyak tayo na - "...ang umalis at suma kay Cristo; sapagka't ito'y lalong _______________."

Maaari ka pang magdagdag ng dalawang pagkakaiba sa iyong listahan mula sa araling ito.

Sa ating patuloy na pag-aaral ng ating mga Biblia ay mabuting tanungin natin ang ating sarili upang makatulong na malaman natin ang programa, hula o hiwaga, na dapat nating pag-aralan? Sino ang nagsasalita? Sino ang kinakausap? Kailan sinabi? Ano ang sinabi? Ang pagsagot sa mga katanungang ito ay makakatulong sa atin na maunawaan ang mga talata na ating pinag-aaralan.

Bilang mga banal sa dispensasyon ng hiwaga dapat tayong manindigan at patuloy na ipahayag ang doktrina ng biyaya. Sa 2 Timoteo 1:8 ay sinabi ni Pablo - "Huwag mo ngang ____________ ang pagpapatotoo sa ating Panginoon, ni ako na ______________ Niya: kundi _______________ ka ng mga ____________ dahil sa ebanghelyo..." Kahit na ang nakararami sa "Kristiyanismo" ay hindi kinikilala ang pagkakaiba ng dispensasyon na ating tiningnan sa unang sampung aralin ay hindi tayo dapat mawalan ng loob, o mahiya, sa halip ay magpatuloy sa pagpapahayag nito.

**lagay ang pangalan at petsa** __________________________________

<u>**Ang Mga Butil ng Ginto na Ating Natagpuan**</u>

**Pang-Anim na Aralin**

Roma 3:21-26; Mateo 3:2; 1 Corinto 1:21-

**Pang-Pitong Aralin**

Mateo 28:19,20; Roma 4:5; Mga Gawa 13:39 -

**Pang-Walong Aralin**

Roma 2:29; Colosas 2:11-13; 2 Corinto 5:17; Colosas 2:10 -

**Pang-Siyam na Aralin**

2 Timoteo 2:8; Mga Gawa 2:30; Roma 4:25; Galacia 3:26 -

**Pang-Sampung Aralin**

Efeso 2:8-10; 1 Corinto 6:19 -

**Ilagay ang pangalan at petsa**

___________________________________________

## Minero - Pang-Labing-Isang Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Colosas 1:13,14; 1 Tesalonica 1:10

**Mga Talatang Dapat Tandaan sa Unang Aklat**: Galacia 1:8

Sa mga susunod na mga aralin ay pag-aaralan natin ang ilan sa mga pangkaraniwang maling doktrina ayon sa dispensasyon na ginawa sa "Kristiyanismo." Basahin ang Mateo 6:9-13. Ang bahaging ito ay mas kilala sa tawag na "Panalangin ng Panginoon". Tiyak namang alam natin na hindi ito kailanman ipinanalangin ng Panginoon. Hindi Siya pwedeng humingi ng kapatawaran sapagkat hindi Siya nagkasala! Ang Panginoon ay tinuturuan ang Kaniyang mga alagad kung paano mananalangin na may katalinuhan ayon sa programa ng Dios.

Ang panalangin ay isang malapit na komunikasyon ng mga tao ng Dios sa kanilang Ama na nasa langit. Ang pundasyon ng panalangin ay dapat na nakatayo sa tamang pagkaunawa sa kalooban ng Dios. Paulit-ulit na ipinanalangin ni Pablo ang mga banal upang sila ay magkaroon ng kaalaman at karunungan kung paano sila mamumuhay (kasama na ang kanilang pananalangin).

Filipos 1:9 - "At ito'y idinadalangin ko, na ang inyong pag-ibig ay lalo't lalo pang sumagana nawa sa _____________ at sa lahat ng ______________."

Efeso 1:16-21, tal. 17 - "Upang ipagkaloob sa inyo ng Dios ng ating Panginoong Jesu-Cristo, ng Ama ng kaluwalhatian, ang espiritu ng ______________ at ng ______________ sa _______________ sa Kaniya."

Tal. 18 - "Yamang _________________ ang mga ________ ng inyong __________, upang ________________ ninyo kung ano ang pag-asa sa Kaniyang pagtawag..."

Colosas 1:9 - "...upang kayo'y ______________ ng _____________ ng Kaniyang ______________, sa buong ______________ at ________________ ayon sa espiritu."

Ang panalangin ay hindi dapat na paulit-ulit, nakiki-usap, maraming hinihingi, at patuloy na binobomba nito ang trono ng Dios na katulad ng alam ng marami.

Tingnan natin ang panalangin sa Mateo 6:9-13 at sagutin ang mga tanong!

Sino ang nagsasalita? Mateo 5:1,2 ____________________

Sino ang Kanyang kinakausap? Mateo 5:1 ang Kanyang mga______

Kailan Niya sinabi ang mga bagay na ito? Sa Kanyang ministeryo dito sa lupa!

Ano ang mensahe na ipinapangaral? Mateo 5:18,19 - Ang __________________

Ang Panginoon ba ay nagsasalita ng programa ng Hula o ng Hiwaga dito sa Mateo? _________________

Ngayon ay tingnan natin ang panalanging ito kung tutugma sa programa ng hula ng Dios para sa bansang Israel. Ang unang isyu ay ang pagsamba sa pangalan ng Dios. Basahin ang Ezekiel 36:23. Ano ang iba pang salita para sa pagsamba sa talatang ito? __________________ (banalin, ihiwalay, itaas)

Paano binabanal ang pangalan ng Dios sa talatang ito? "...pagka Ako'y aariing _________ sa inyo sa harap ng kanilang mga mata."

Isaias 49:3 - "At sinabi niya sa akin, Ikaw ay Aking lingkod; Israel, na siyang Aking ________________."

Dahil ang "kaharian ng langit ay malapit na" nang kasama nila si Cristo sa lupa at nasa kanilang kalagitnaan, ang pagluwalhati sa pangalan ng Dios sa pamamagitan ng pagtatatag ng kaharian ng Dios sa lupa ng dahil sa Israel at "malapit na". Ang plano at layunin ng Dios kasama ang Israel ay malapit ng maganap. Ngunit ang nalalapit na pagdating ng malaking pangyayaring ito, isa pang malaking pangyayaring ipinangako ay "malapit na" rin. Isaias 61:2 - "...ang kaarawan ng _______________ ng ating Dios..."

Basahin ang Isaias 63:1-6; Isaias 2:10-22 at Pahayag 19:11-21

Ang Israel ay nasa gilid ng dakilang kapighatian, na mauuna bago ang kaharian, habang tinuturuan ng Panginoon ang mga alagad ng pana-

langing ito. Sa panahon ng kapighatian ang mga Judio ay magdaranas ng dakilang kapighatian. Basahin ang Mateo 24:15-26.

Tal. 16, sila ay magsisitakas sa _______________ ang nangasa Judea.

Tal. 17,18, hindi sila magkakaroon ng panahon para kumuha ng _____________.

Ngunit ang Dios ay nangako sa kanila sa pamamagitan ng mga propeta na Siya ay magbibigay ng kanilang pangangailangan. Isaias 33:16 - "...ang kaniyang _____________ ay mabibigay sa kaniya; ang kaniyang ___________ ay sagana."

Mga Awit 23:5 - "Iyong pinaghahandaan ako ng ____________ sa harap ko sa ____________ ng aking mga kaaway..."

Mga Awit 50:15 - "At tumawag ka sa Akin sa kaarawan ng ______________; ________________ kita..."

Mga Awit 27:5 - "Sapagka't sa kaarawan ng _______________ ay ____________ Niya ako na lihim sa Kaniyang ______________: sa kublihan ng Kaniyang ______________ ay ______________ Niya ako; Kaniyang itataas ako sa ibabaw ng isang _______________________."

Mateo 6:11 - "Ibigay Mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw." Ito ang isang kahilingan na may katiyakan na ibibigay sa kanila ng Dios sa araw na iyon.

Ang panalangin ding ito ay nagtuturo ng programa ng pagpapatawad sa ilalim ng kautusan. Alalahanin natin na ang kautusan ay sistema na may kasamang gawa na nagpapakita ng kanilang pananampalataya.

Basahin ang Mateo 6:14; Mateo 18:21-35. Ang pagpapatawad na may kondisyon ang nasa kanilang programa. Ang panalanging ito ay magsisilbing paalala sa mga natitira pang bahagi ng mga kasulatan, Isaias 8:16 - "Talian mo ang patotoo, tatakan mo ang ____________ sa gitna ng Aking _______________."

Isaias 42:21 - "Kinalulugdan ng Panginoon dahil sa Kaniyang katuwiran, na dakilain ang ______________, at gawing marangal."

Nagtapos ang panalanging ito sa: "At huwag Mo kaming ihatid sa

tukso, kundi iligtas Mo kami sa masama..." Ang kapighatian ay mabilis na dumarating na hindi pa naranasan ang pag-uusig sa nakalipas na panahon. Ang panalangin na iligtas ay matutugunan sa pamamagitan ng espesyal na ibibigay ng Dios katulad ng Kaniyang ipinangako. Basahin ang Mga Awit 121, tal. 7 - "Iingatan ka ng Panginoon sa lahat ng _____________..."

Ang panalanging ito ay tamang-tama para sa mga alagad at sa sumasampalatayang Israelita. Ang mga Israelita ay mananalangin at makakaasa sila na ang mga pangako at kasagutan sa panalanging ito ay ibibigay ng Dios.

Nais ba ng Dios na ang mga mananampalataya ngayon ay dumalangin sa kanya ng panalanging ito? Tingnan natin. Ang ating Dios ay nasa langit ngunit Siya ay tumitira din sa atin sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu. 1 Corinto 3:16 - "Hindi baga ninyo nalalaman na kayo'y templo ng Dios, at ang Espiritu ng Dios ay _____________ sa inyo?" Hindi tayo nanalangin upang dumating ang kaharian ng Dios, tayo ay kukuning/dadalhing kasama ni Cristo sa himpapawid at dadalhin sa presensya ng Dios na ating Ama. 1 Tesalonica 4:15-18 -

Tal. 16 - "Sapagka't ang Panginoon din ang ________________ mula sa langit..."

Tal. 17 - "...ay ___________ kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa _________: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo _____________."

Tingnan naman natin ang: "...Gawin nawa ang Iyong kalooban, kung paano sa langit, gayon din naman sa lupa." Ang kalooban ng Dios ay nakatuon ngayon sa mga makalangit na bagay; inililigtas at ginagawa tayong ang kaisipan ay nasa langit.

Colosas 3:2 - "Ilagak ninyo ang inyong ____________ sa mga bagay na nangasa _________, huwag sa mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa."

2 Corinto 4:18 - "Samantalang kami ay nagsisitingin hindi sa mga bagay na ____________, kundi sa mga bagay na _________________..."

Ano naman ang tungkol sa ating kakanin sa araw-araw?

2 Tesalonica 3:10 - "...Kung ang sinoman ay ayaw _____________, ay huwag din namang ___________."

Efeso 4:28 - "...na igawa ang kaniyang mga kamay ng mabuting bagay, upang siya'y may maibigay sa ____________________."

Ano naman ang tungkol sa pagpapatawad?

Tayo ba ay pinatawad katulad ng pagpapatawad natin sa iba?

Efeso 4:32 - "...na mangagpatawaran kayo sa ___________, gaya naman ng _______________ sa inyo ng Dios kay Cristo."

Colosas 1:14 - "Na Siyang kinaroroonan ng ating katubusan, na Siyang _______________ ng ating mga _______________."

Colosas 2:13 - "...na _____________ sa atin ang ating lahat na mga ___________."

Tayo ba ay nanalangin para iligtas?

Galacia 1:4 - Ibinigay ni Cristo ang Kaniyang sarili "...upang tayo'y _______________ dito sa kasalukuyang _____________ sanglibutan..."

Colosas 1:13 - Tayo ay iniligtas mula sa _____________________________________.

1 Tesalonica 1:10 - Tayo ay iniligtas "...mula sa _________ na ___________."

Oo nanalangin si Pablo na maligtas sa hindi sumasampalataya na nasa Judea ayon sa Roma 15:31 at 2 Tesalonica 3:2 - upang maligtas mula sa mga taong walang katuwiran at _______________. Sa halos lahat ng pagkakataon ay makikita natin na ginagamit ng Dios ang ibang mananampalataya upang iligtas si Pablo.

Sa Mga Gawa 9:25, papaano iniligtas si Pablo? ______________________________

Minsan si Pablo ay hindi naman iniligtas. Basahin ang Mga Gawa 14:19. Si Pablo ay ___________ at akalang siya ay patay na!

Sino ang nagligtas kay Pablo sa Mga Gawa 23:12-22? Ang anak na

__________ ng kapatid ni Pablo (tal. 16).

May mga nakakamanghang pangyayari kay Pablo ngunit ang kanyang ministeryo ay mahalaga sa kapahayagan ng hiwaga. 2 Timoteo 4:17 - "...upang sa pamamagitan ko ang mabuting balita ay _______________ ng ganap..."

Nang makumpleto na ang mensahe ng Dios, si Pablo ay hindi na nangangailangan ng pagliligtas dahil ito ang sinabi niya sa 2 Timoteo 4:6 - "Sapagka't ako'y iniaalay na, at ang panahon ng aking ______________ ay dumating na."

Saan ang alam ni Pablo na siya ay iingatan ayon sa 2 Timoteo 4:18? Sa Kanyang ______________ sa langit.

Sa panahon ng biyaya, ang panalangin ay dapat na patuloy na komunikasyon sa ating Dios na nasa langit na may matalinong kaunawaan sa Kanyang programa kung saan tayo nabubuhay ngayon.

Minsan ay narinig ko ang isang guro na nagtuturo ng biyaya ay nagsabi na hindi tayo dapat manalangin para sa mga napapahamak sapagkat ang Dios ay hindi kikilos upang iligtas sila sa mahimalang pamamaraan.

1 Timoteo 2:1-4 at Roma 10:1,2 ay tinuturuan tayo na manalangin para sa mga napapahamak. Kapag tayo ay nanalangin para sa mga napapahamak ay ginagawa natin ang ginawa ni Pablo. Ibigay/ipahayag natin sa kanila ang mensahe ng kaligtasan! Maaaring hindi pisikal na kumilos ang Dios, sapagkat ginawa na Niya ito, may dalawang libong taon na ang nakalilipas nang Kaniyang isugo ang Kaniyang Anak. Kapag ang mga napapahamak ay nasa ating puso at isipan kapag tayo ay nanalangin, tayo ay nagnanais na ipangaral sa kanila ang kahanga-hangang biyaya ng Dios.

**Ilagay ang pangalan at petsa**

__________________________________________

**Minero - Pang-Labing-Dalawang Aralin**

**Talatang Sasauluhin -** Mateo 15:5-7; 2 Corinto 5:18-20

**Mga Talatang Dapat Tandaan sa Unang Aklat**: Efeso 2:16

Ano ang "dakilang utos" para sa atin sa panahon ng biyaya? Ito ba ay ang pamilyar na kautusan na makikita sa Mateo 28:19,20? Bago natin tingnan ang nakalipas na kautusan, tingnan natin ang Mateo 10:5-7. Saan pinagbawalang pumunta ang 12 apostol? ______________________________

Ang kahariang ipinangako sa Israel sa pamamagitan ng mga propeta ay nasa gilid na ng katuparan. Basahin ang Lukas 1:30-33. Sa tal. 33 - "At Siya'y _____________ sa angkan ni Jacob magpakailan man; at hindi ______________ ang Kaniyang ____________." Para matupad ang programa ng Dios sa Israel, ay dapat nating maunawaan na si Cristo ay dumating bilang ipinangakong Mesias sa Israel, Tagapagligtas at Manunubos. Pagkatapos na ang Panginoon ay ipako sa krus, ilibing at mabuhay na muli ay makikita natin na nagkaroon ng pagbabago sa kautusan. Basahin ang Mateo 28:19,20. Kanino na pupunta ang mga apostol? ___________________________________ Sa Marcos 16:15, kanino isinugo ng nabuhay na Cristo ang Kanyang mga alagad? ____________________

Dahil ang dispensasyon ng biyaya ay hindi na nagbibigay ng pagkakaiba sa pagitan ng mga Judio at Hentil ang ilan ay nag-iisip na ang pagbabagong ito sa kautusan sa Israel ay tumutugma sa panahon ng biyaya. Ngunit kung titingnan natin ng mabuti ang kautusang ito ay ipinapahayag na kautusan din ito para sa Israel. Habang ang programa ng hula ay umuusad patungo sa kanilang "huling mga araw", ang mga Hentil din ay dapat na makarinig ng ebanghelyo tungkol sa kaharian.

Mateo 24:14 - "At ipangangaral ang _____________ ito ng ___________ sa _________________ sa pagpapatotoo sa lahat ng mga _________; at kung magkagayo'y ____________ ang _________."

Ang mga bansa ay magkakaroon ng pagkakataon upang makarinig ng ebanghelyo tungkol sa kaharian **pagkatapos** na ang Israel ay unang makarinig.

Sa Lukas 24:47 - "At ipangaral sa Kaniyang pangalan ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan sa _________ ng mga bansa, magbuhat sa ________________."

Gawa 1:8 - "...at kayo'y magiging mga saksi Ko sa ____________, at sa buong __________ at _________, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa."

Sa mga unang bahagi ng Aklat ng Mga Gawa ang mga alagad ayon sa Mga Gawa 2:22 ay nangaral: "sa mga lalaking taga-___________." Sa Mga Gawa 3:12 si Pedro ay nangaral "sa mga lalaking taga-___________." Sa Mga Gawa 3:26 - "sa inyo __________ ibinigay ng Dios..." Sa Mga Gawa 7:2 si Esteban ay kinausap ang mga kapatid na lalaki at mga magulang, ang lahi ni Abraham; muli ito ay mga Israelita. Basahin ang Jeremias 31:10-12. Sa tal. 10, kailan makikinig ang mga bansa sa salita ng Panginoon? "Kapag ang Panginoon ay ________________ at _____________ sa kaniya..."

Oo, ito ay natupad doon sa krus. Ang programa ng hula ay kumikilos upang mangyari ang kaharian ng Israel kung kaya ang kautusan ni Cristo sa Kanyang mga alagad ay ipangaral ang ebanghelyo ng kaharian sa lahat ng bansa kapag napakinggan na ito ng Israel. Ang mga patakarang ito sa mga alagad ay tumutugma sa programa ng hula sa Israel habang papunta sa mga huling araw.

Dahil sa pansamantalang pag-isantabi ng programa para sa Israel, ganundin ang pag-isantabi sa pakikitungo ng Dios sa mga Hentil ayon sa Kanyang programa sa Israel. Basahin ang Roma 9-11. Ang mga kabanatang ito ay ipinapaliwanag ang pagkahulog ng Israel at pansamantalang "pagtakwil" sa kanila.

Ngayon ang Dios ay nakikipag-usap sa mga Hentil ayon sa Efeso 2:13 - "Ngunit ngayon kay Cristo Jesus kayo na noong panahon ay ____________ ay inilapit sa pamamagitan ng dugo ni Cristo."

Ang mga Hentil ay pareho na ng katayuan sa Israel. Wala ng pagkakaiba, ang dalawa ay pantay na sa paningin ng Dios. Magmula sa mga bansa, ngayon ang Dios ay binubuo ayon sa Efeso 2:15, ang isang ______ tao, at sa tal. 16, isang _____________ sa pamamagitan ng krus.

Ang mga sumasampalatayang mga Hentil at Judio sa kamatayan ni Cristo para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan ay inilagay sa isang **bagong** tao at **bagong** katawan. Binigyan ng Dios ang bagong katawan na ito ng sariling mga patakaran, kasama na ang bagong kautusan. Ang bagong kautusang ito ay matatagpuan sa 2 Corinto 5:17-21. Sa tal. 20 tayo ay tinatawag na mga _______ sa pangalan ni Cristo.

Bilang mga sugo ni Cristo ay dapat nating ipangaral ang mensahe ng (tal. 18) __________________.

Tayo ay isinugo upang ipahayag ang kahanga-hangang balita na tayo ay ipinagkasundo sa Dios sa pamamagitan ni Cristo. Tal. 19 - "...ang Dios sa pamamagitan ni Cristo ay pinakipagkasundo ang sanglibutan sa Kaniya rin (doon sa krus), na hindi ibinibilang sa kanila ang kanilang mga kasalanan..." Sapagkat ayon sa tal. 21 - "Yaong hindi nakakilala ng kasalanan ay Kaniyang inaring may sala dahil sa atin: upang tayo'y maging sa Kaniya'y katuwiran ng Dios." Huwag tayong maguluhan sa pagnanais nating tuparin ang kautusan na para naman sa programa ng hula.

**Ilagay ang pangalan at petsa**

________________________________________

**Minero - Pang-Labing-Tatlong Aralin**

**Talatang Sasauluhin** - 2 Corinto 12:9,10

**Mga Talatang Dapat Tandaan sa Unang Aklat**: Galacia 2:21

Ano ang mga pangako sa panalangin sa dispensasyon ng biyaya? Naka-kalungkot na ang mga mananampalatayang hindi naniniwala sa tamang paghahati ng mga kasulatan ay pumupunta sa Apat na Ebanghelyo o di kaya ay sa mga kasulatan sa Lumang Tipan tungkol sa panalangin. 2 Cronica 7:14 ay palaging binabanggit sa mga panalangin ngayon - "Kung ang Aking ________ na tinatawag sa pamamagitan ng Aking pangalan ay ________________ at dumalangin, at hanapin ang Aking mukha, at talikuran ang kanilang masamang mga lakad; Akin ngang didinggin sa langit, at ipatatawad Ko ang kanilang kasalanan, at ________________ Ko ang kanilang lupain."

Siguro sa ngayon ay madali mong nakikita ang talatang ito ay hindi para sa dispensasyon ng biyaya. Hayaan mong magtanong ako sa iyo ng ilang mga katanungan kung saan tutugma ang talatang ito.

1. Sino ang bayan ng Dios sa talatang ito? __________________

2. Mayroon ba silang dapat na gawin para pakinggan sila ng Dios? __

3. Ano ang dapat nilang gawin?

    a. ______________________________________

    b. ______________________________________

    k. ______________________________________

    d. ______________________________________

4. Ang mga tao ba ng Dios ay dapat na gawin ang mga bagay na ito para sila ay patawarin sa kanilang mga kasalanan? ____________

5. Ano ang dalawang bagay na ipinangako ng Dios na Kaniyang gagawin kapag ginawa nila ito?

    a. ______________________________________

    b. ______________________________________

6. Anong klase ng relasyon ang kaugnayan ng Israel sa Dios?

Deuteronomio 5:2 ____________________

7. Sapagkat ang Israel ay nakipagtipan sa Dios, may karapatan ba siyang umasa na tutuparin ng Dios ang Kaniyang mga pangako?_______

8. Basahin ang Deuteronomio 28:1-14 at ilista ang limang mga pagpapala na ipinangako ng Dios sa Kanyang mga tao.

a. ___________________________________

b. ___________________________________

k. ___________________________________

d. ___________________________________

e. ___________________________________

9. Ang mga ito ba ay pisikal o mga espiritwal na mga pagpapala? ____

10. Sa palagay mo ba ay ang 2 Cronica 7:14 ay para sa programa ng hula o para sa programa ng hiwaga ng Dios? _______________

Ngayon ay dumako tayo sa isang talata na laging ginagamit ngayon tungkol sa panalangin. Mateo 7:7,8 - ito ay ang tinatawag na magsihingi, magsihanap at kumatok na talata - "____________ kayo, at kayo'y _________; ___________ kayo, at kayo'y ____________________; ________________ kayo, at kayo'y ______________: Sapagka't ang bawa't ___________ ay tumatanggap; at ang ______________ ay nakasusumpong; at ang ______________ ay binubuksan."

Nais ng Dios na malaman ng Israel na tanging Siya lamang ang kailangan nila. Siya ay parang isang blangkong tseke na kailangan lamang nilang listahan kung ano ang kanilang kailangan. Ipinakilala ng Dios ang Kaniyang sarili na si ___________ (Exodo 3:13,14). AKO NGA ___________________ (ikaw na ang maglalagay sa blangko) at ang AKO NGA ay magkakatotoo sa iyo. Paano sinubukan ng Dios na ibuhos sa Israel ang Kaniyang masaganang pagpapala. Ngunit ang Israel bilang isang bansa ay nagrebelde, tinanggihan at tumalikod mula sa Dios. Sa kanilang masamang kalagayan, ito ang tugon ng Dios sa kanilang mga panalangin.

Basahin ang Isaias 1:11-15. Tal. 15 - "At pagka inyong iginagawad ang inyong mga kamay, Aking ____________ ang Aking mga ________ sa inyo: oo, pagka kayo'y __________________ ng marami, hindi Ko kayo ______________: ang inyong mga kamay ay puno ng dugo."

Isaias 59:1,2 - "...at ang inyong mga kasalanan ay siyang ___________ ng Kaniyang mukha sa inyo, upang Siya'y huwag _______________."

Jeremias 14:10-12, tal. 12 - "...hindi Ko ____________ ang kanilang daing..."

Ezekiel 8:18 - "...at bagaman sila'y nagsisitawag sa Aking ____________ ng malakas na tinig, gayon ma'y hindi Ko sila ______."

Walang paghiling at pagtanggap, paghahanap at pagkasumpong, pagkatok at pagbukas sa mga talatang ito. Ngunit para sa mga naniniwalang pulutong ng Israel, ang Dios ay may bukas na pakinig.

Jeremias 29:11-13, tal. 12 - "At kayo'y magsisitawag sa Akin, at kayo'y magsisiyaon at _______________ sa Akin, at Aking ______________ kayo."

Tal. 13 - "At inyong _______________ Ako, at _________________ Ako, pagka inyong sisiyasatin Ako ng inyong buong puso."

Nakikita natin na ang mga panalangin at mga pangakong ito ay bahagi ng pakikipag-ugnayan ng Dios sa Kaniyang bayan, ang Israel, na nasa programa ng hula.

Ngunit saan tayo pupunta para makita ang mga pangako sa panalangin? Dahil pansamantalang itinigil ng Dios ang programa para sa Israel at ipinakilala ang bagong dispensasyon sa pamamagitan ng pahayag kay Apostol Pablo, mas mabuti na dito sa kanyang mga liham tayo humanap ng mga patakaran tungkol sa panalangin. Isang panalangin ni Pablo ang unang pumasok sa aking isip. Tingnan ang 2 Corinto 12:7-10. Sa tal. 7 si Pablo ay nakatanggap ng umaapaw na _________________ at upang huwag magpalalo ng labis siya ay binigyan ng isang ________ sa ________. Hindi sa atin sinabi kung ano ang karamdamang ito ngunit alam natin na seryoso ito. Ilang beses ba nanalangin si Pablo upang maalis ang "tinik" na ito? _____________ Ang tugon ng Dios sa panalangin ni Pablo ay nasa tal. 9 - "At Siya'y nagsabi

sa akin, Ang Aking __________ ay ________ na sa iyo: sapagka't ang Aking ______________ ay nagiging sakdal sa kahinaan..."

Ang unang bahagi ng talatang ito ay mahalaga. "At sinabi Niya sa akin..." Ang SALITA ng Dios ang napakinggan ni Pablo! Ikaw ba ay naghihintay ng tugon sa panalangin? Makinig ka sa Salita ng Dios sapagkat doon Siya nagsasalita. Sinabi ng Dios kay Pablo at sa atin na ang Kaniyang tugon ay sa pamamagitan ng Kaniyang _________. Unawain natin na ang biyaya ng Dios ay ang walang sukatang kaloob ng Dios sa lahat ng iyong kailangan!

Sinabi ng Dios na ang Kaniyang biyaya ay ____________.

Sapat - tama, wala ng ibang kailangan.

Ano ang nagligtas sa iyo? ___________ ng Dios - Efeso 2:8,9

Ano ang nag-aring ganap sa iyo? ___________ ng Dios - Roma 3:24; Tito 3:7

Ano ang nagbigay daan sa atin patungo sa Dios? ___________ ng Dios - Roma 5:2

Ano ang mas umaapaw ng higit sa kasalanan? __________ ng Dios - Roma 5:20

Ano ang nagtuturo sa atin? ___________ ng Dios - Tito 2:11,13

Ano ang nagbibigay sa atin ng mga kailangan? ___________ ng Dios - 1 Corinto 15:10

Tayo ay pinatawad ayon sa kayamanan ng _____________ ng Dios - Efeso 1:7

Ano ang ipapakita sa atin ng Dios sa mga panahong darating? Ang umaapaw na kayamanan ng Kaniyang _____________ Efeso 2:7

Ano ang nagbibigay sa atin ng kaaliwan at pag-asa? ___________ ng Dios - 2 Tesalonica 2:16

Ano ang nagdadala ng kaligtasan sa lahat ng tao? ___________ ng Dios - Tito 2:11

Paano pa tayo hindi masisiyahan sa kahanga-hangang BIYAYA ng Dios? Ang Filipos 4:6,7 ay nagbibigay sa atin ng pangako sa panalangin na hindi natin napapansin. Tingnan natin ang mga talatang ito at pwede mo itong matagpuan sa tal. 7.

_______________________________________________

Sa dispensasyon ng biyaya, tayo ay sinabihan na manalangin:

1 Tesalonica 5:17 _____________________________

Filipos 4:6 _____________________________

1 Timoteo 2:1 na manalangin para sa lahat ng _____________

1 Tesalonica 5:25 na manalangin para sa mga _____________

Wala tayong ibang palatuntunan para magpakumbaba, tumalikod sa ating masasamang mga gawa, hanapin ang mukha ng Dios, at matakot sa Dios na hindi Niya tayo didinggin sa dispensasyon ng biyaya.

**Ilagay ang pangalan at petsa**

_____________________________________

## Minero - Pang-Labing-Apat na Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Roma 8:14-16

**Mga Talatang Dapat Tandaan sa Unang Aklat**: 1 Corinto 1:18

Ang mga susunod na pitong aralin ay ating itutuon sa pakikinig sa ating Panginoong Jesu-Cristo habang Siya ay nakabayubay sa krus. Alam mo ba kung ilang beses nagsalita si Cristo mula sa krus? Kung sinabi mong pito, tama ka. Ating pag-aaralan ang pitong mga sinalitang ito ayon sa konteksto at umaasa tayo na madaragdagan ang ating pagkakilala at pagkaunawa sa pag-ibig ng ating Tagapagligtas.

Lukas 23:33,34 - "At nang dumating sa lugar na tinatawag na ______________, ay kanilang ipinako roon Siya sa krus, at ang mga tampalasan, isa sa kanan at isa sa kaliwa. At sinabi ni Jesus, Ama, patawarin Mo sila; sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa. At sa pagbabahabahagi nila ng Kaniyang mga suot ay kanilang pinagsapalaranan." Lagyan ng guhit ang mga salita ng Panginoon na Kaniyang sinalita sa krus.

Gustong ipako sa krus ng mga Judio si Cristo. Bakit? Ano ang paraan ng mga Judio ng pagpatay? Levitico 20:2 __________________

Hindi lamang basta pagbato ang gustong gawing pagpatay ng mga Judio kay Jesus, gusto nila ng mas higit pa dito. Basahin ang Deuteronomio 21:3. Kapag ang isa ay ibinitin sa kahoy, siya ay ________________ ng Dios. Hindi lang nila gustong mamatay Siya, kundi maputol, sumpain ng Dios.

Ginawa ng mga Judio na maidamay ang mga Romano sa kanilang plano na patayin si Cristo sapagkat ang paraan ng mga Romano para sa pagpatay ay _________________________ (pagbitin sa kahoy).

Ang unang salita na ito ay nagpapakita kung ano ang pag-uugali ni Cristo habang Siya ay nakabitin doon sa krus. Siya ba ay: (pumili ng isa)

a. galit

b. wala sa tamang kaisipan

k. nagpapatawad

Ano ang unang sinalita ni Cristo? ______________________________

Si Cristo ay patuloy na nakikipag-usap sa Dios Ama. Sa buong panahon na si Cristo ay nagmiministeryo dito sa lupa lagi Niyang sinasambit ang Ama. Nabagabag ba dito ang mga Judio? Tingnan ang Juan 5:18-24. Ang mga talatang ito ay mayaman sa mga katotohanan tungkol sa pagka -Dios ni Cristo at pagtataglay Niya ng mga katangian ng isang Dios kahit na ang ibang mga tagapagturo tungkol sa biyaya ay nagtuturo na hindi Niya ito taglay. Ang mga talatang ito ay nagpapakita ng kaisahan ng layunin ng Dios Ama at ng Dios Anak na taglay nila. Ang Anak ay walang ibang layunin maliban ang sa Ama.

Tingnan ang tal. 19 - "...Hindi gumagawa ang Anak ng anoman sa Kaniyang sarili (anumang bagay na salungat sa kalooban ng Ama) kundi ang makita Niyang gagawin ng Ama; sapagka't ang lahat ng mga bagay na Kaniyang ginagawa, ay ang mga ito rin naman ang ginagawa ng Anak sa gayon ding ____________." Ang Anak na taglay ang kaparehong awtoridad at kapangyarihan sa Kaniyang sarili, ay magagawa kung ano ang ginagawa ng Ama. Ano ang pag-uugali na alam ng Anak na gagawin ng Ama sa Kaniya?

Tal. 20 - __________________ ng Ama ang Anak.

Sa tal. 21 ano ang magagawa ng Anak na kapareho ng Kaniyang kakayahan na ginagawa din ng Ama? ____________________________________________________

Hindi mahirap na isa-isahin ang mga talata tungkol sa pagka-Dios ni Cristo na na naglalaman ng mga katangian ng Dios. Huwag mong balewalain o gamitin ng mali ang kasulatan sapagkat baka manakawan o mawalan mo ng kahit isang katangian ang Panginoon!

Hindi ba nakakagalak na malaman ang relasyon ng Dios Anak sa Dios Ama ay katulad din ng taglay natin?

Basahin ang Marcos 14:35,36. Sa tal. 36, paano tinatawag ng Panginoon ang Ama? ___________________

Basahin ang Roma 8:15. Ano ang salita na ginagamit natin sa ating pakikipag-usap sa Dios Ama? __________________

Sinabi ni Cristo mula sa krus - "...Ama, patawarin Mo sila; sapagka't

hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa..."

Si Cristo ay namagitan (nakiusap) para sa mga taong nagpapako mismo sa Kaniya. Ano ang basehan ng Kaniyang pakiusap para patawarin sila?

________________________

Paano nangyari ito? Ang mga Judio ba ay mangmang tungkol sa kanilang ginagawa? Iyon ang sinabi ni Cristo. Tingnan natin upang makita kung paano niya ito nasabi sa kanila.

Ang unang pagkakataon na may tala tayo na si Cristo ay nangaral ay matatagpuan sa Lukas 4:16-20. Ano ang aklat sa Biblia na binabasa ng Panginoon? __________________

Buksan natin sa Isaias 61:1,2. Si Cristo ay nagsimulang magbasa pero bakit Niya isinara ang aklat? ________________________________________________

Natapos ba Niyang basahin ang tal. 2? ____________

Ang talatang isa at kalahati ng tal. 2 ay natutupad sa kanilang paningin ng pagkakataong iyon. Ngunit alam ni Cristo na ang araw ng ________________ ng Dios ay hindi pa mangyayari sapagkat nalalaman Niya ang tungkol sa "Hiwaga", ang pansamantalang pagisantabi sa Israel, at ang dispensasyon ng biyaya ng Dios na susunod na magaganap.

Ang bahaging ito ay nagpapakita kung nasaan ang mga tao ng panahon ni Cristo, sa programa ng hula ng Dios.

Nakilala ba nila si Jesus katulad ng Kaniyang sinasabi?

Juan 19:21 - "Sinabi nga kay Pilato ng mga pangulong saserdote ng mga Judio, Huwag mong isulat, Ang Hari ng mga Judio; kundi, ang kanyang _________, Hari ako ng mga Judio."

Basahin ang Mateo 27:37-44. Ilista ang tatlong bagay na alam ng mga Judio na sinabi ni Cristo.

1. _______________________________
2. _______________________________
3. _______________________________

Ang mga pinuno ng Israel ay nalalaman kung ano ang sinabi ni Cristo tungkol sa Kaniyang sarili. Ang Lukas 23:35 ay nagsasabi sa atin na ang mga pinuno ay alam na sinabi ni Cristo na Siya ay _________ ng Dios.

Ang unang salita ni Cristo mula sa krus ay salita ng kahabagan! Pagpapatawad! Kaawaan! Bakit?

Alam ni Cristo ang kanilang kamangmangan - "Sapagkat hindi nila alam ang kanilang ginagawa".

Ang kamangmangan ay may kaparusahan sa ilalim ng programa ng kautusan. Sa Mga Bilang 35 ay binabanggit sa atin ang tungkol sa bayan ng ampunan. Basahin ang Mga Bilang 35:15 - "Sa mga anak ni Israel, at sa taga ibang lupa, at sa makikipamayan sa kanila ay magiging ampunan ang anim na bayang ito: upang ang bawa't ______________ ng sinomang tao, na hindi ________________, ay makatakas doon."

Mga Bilang 35:12 - "At ang mga bayang yaon ay magiging sa inyo'y pinaka ampunan laban sa ________________; upang ang nakamatay ay huwag mamatay, hanggang sa maitayo sa kapisanan na___________."

Kahanga-hangang kaloob ang ginawa ng Dios! Ito ay inangkin ni Cristo para sa bansang Israel. Juan 12:37-40 - "Nguni't bagaman gumawa Siya sa harap nila ng gayon maraming mga tanda, gayon ma'y hindi sila _____________________ sa Kaniya." Tal. 39,40 - "Dahil dito'y ___________________________, sapagka't muling sinabi ni Isaias, Binulag Niya ang kanilang mga mata..."

Basahin ang Isaias 6:9,10. Sa tal. 10 anong tatlong mga bagay ang mangyayari sa Israel? Ito ang direktang resulta sa pagiging rebelde, matigas ang ulo at masamang puso ng Israel. Ayaw ng Israel, kung kaya ang Dios dahil sa Kaniyang kahabagan ay ito na ang itinalaga ng Dios sa kanila. Ibinigay ng Dios ng eksakto kung ano ang kanilang gusto. Sila ay pinabayaan ng Dios kung ano ang kanilang nais at kalooban.

Pagkatapos na si Cristo ay ipako sa krus at muling mabuhay sa mga patay, si Pedro ay nangaral sa mga Judio na sila ay gumawa ng masama at kasalanan nila ang pagpapako kay Cristo. Basahin ang Mga Gawa 2:23 - "...kayo sa pamamagitan ng mga kamay ng mga ________________ ay inyong ipinako sa krus at pinatay." Ngunit sa

Mga Gawa 3:17 sinabi ni Pedro na - "At ngayon, mga kapatid, nalalaman ko na inyong ginawa yaon sa ________ _______________, gaya ng ginawa rin naman ng inyong mga _____________." Alam natin na ang Israel ay binigyan ng isang taon para magsisi ayon sa Mga Gawa 1-7 pero hindi nila ginawa iyon. Ngayon sa dispensasyon ng biyaya ang Dios ay nakikitungo sa mga Judio katulad ng ibang bansa na mga Hentil.

Roma 10:12,13 - "Sapagka't walang _____________ ang _________ at ang ____________..."

Roma 11:32 - "Sapagka't ang lahat ay kinulong ng Dios sa ________________, upang Siya'y ____________ sa _________."

Ang pag-ibig ni Cristo para sa Kaniyang bayan ay napatunayan sa krus nang Siya ay namanhik na patawarin sila. Isulat ang unang salita na binigkas ng Panginoon doon sa krus. __________________________________________________________

__________________________________________________________

**Ilagay ang pangalan at petsa ______________________________**

## Minero - Pang-Labing-Limang Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Hebreo 11:6; Mateo 15:9

**Mga Talatang Dapat Tandaan sa Unang Aklat**: 2 Timoteo 2:15

Guhitan ang sinalita ni Cristo doon sa krus ayon sa Lukas 23:43 - "At sinabi sa kaniya ni Jesus, Katotohanang sinasabi Ko sa iyo ngayon, ay isasama kita sa paraiso."

Ating napag-aralan sa unang sinalita ni Cristo na ang Israel ay binigyan ng isang taong palugit dahil sa habag ng Dios, panibagong pagkakataon para magsisi at sumampalataya. Sa ating pakikinig doon sa magnanakaw na na nakapako sa krus ay matutunan natin kung paano ang Israel ay dapat samantalahin ang pagkakataong ito.

Basahin ang Mateo 27:41-44 - "At minumura din naman Siya ng mga _______________ kasama Niyang nangapapako sa krus." Ang katotohanan na si Jesus ay ipinako sa pagitan ng dalawang magnanakaw ay hindi isang sorpresa kundi isang katuparan ng hula na ginawa mga ilang daang taon na bago pa Siya mamatay.

Isaias 53:12 - "... at ibinilang Siya na kasama ng mga ____________________..." Tanging ang aklat lamang ng Dios (Biblia) ang pwedeng gumawa ng ganyang hula at magkatotoo ito.

Hindi ba nagsimula ang dalawang magnanakaw na pareho ng kalagayan? _____ Sa Lukas 23:40 ang isang magnanakaw ay patuloy na nilait ang Panginoon ngunit ang isa ay nagbago ng kanyang isip. "Datapuwa't sumagot ang isa, at pagsaway sa kaniya'y sinabi, Hindi ka pa baga _______________ sa Dios, yamang ikaw ay nasa gayon ding kaparusahan?"

Ang magnanakaw na nagsisi ay naniniwala na siya ay haharap sa hukuman ng Dios. Sa Lukas 23:41 ang magnanakaw na nagsisi ay inamin na siya ay may ________. Sa halip na amining hindi siya makasalanan, ang magnanakaw na ito ay kinilala ang kanyang pagkakamali at kinakailangang ______________ sa kaniyang mga kasalanan. Ang kaniyang pagsisi ay nagpapakita ng pag-amin ng kaniyang pagkakamali at nararapat na parusahan.

Ang nagsisising magnanakaw ay naniniwala na si Cristo ay hindi guma-

wa ng anumang ___________ ayon sa tal. 41. Kinikilala niya na si Cristo ay walang kasalanan. Papaano niya masasabi iyon kung hindi siya naniniwala na si Cristo ay totoo katulad ng Kaniyang pagpapakilala?

Basahin ang Lukas 23:42. Ang magnanakaw na nagsisi ay naniniwala na si Cristo ay isang __________ at Siya ay may ________________. Ito ay pagkilala na si Cristo ay isang Hari katulad ng Kaniyang sinasabi. Ang magnanakaw na nagsisi ay naniniwala sa buhay na walang hanggan pagkatapos mamatay, ayon sa tal. 42 - "________________ mo ako."

Ang nagsisising magnanakaw ay nagmula sa pagiging walang pananampalataya, galit at walang pakialam patungo sa pananampalatayang nagliligtas sa loob lamang ng napaka-ikling panahon.

Ano ang tugon ni Cristo sa nagsisising magnanakaw? "Ngayon din ay isasama kita sa paraiso." Ano ang isa pang tawag sa paraiso ayon sa Lukas 16:22? _________________________________

Sa tal. 23, saan matatagpuan ang paraiso? "At sa _________ na nasa mga ____________ (ang mayaman) ay itiningin niya ang kaniyang mga mata, at natanaw sa malayo si Abraham, at si Lazaro ay nasa kaniyang ______________." Ano ang nasa pagitan ng lugar ng pagdurusa at ang lugar ng paraiso sa Hades? Tal. 26 - isang malaking ______________.

Sa nakalipas na panahon, kapag ang mga banal ay namatay, sila ay pumupunta sa sinapupunan ni Abraham.

Ang katiyakan ng magnanakaw ay nakay Cristo - ""Ngayon din ay isasama kita sa paraiso."

Ang krus at ang kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya lamang ay panghabang panahon na konektado sa magnanakaw doon sa krus. May ginawa ba ang magnanakaw para siya ay magkaroon ng kaligtasan? _______

Ano ang sinasabi sa Marcos 16:16 na dapat gawin ng isang tao para siya ay maligtas? ______________ at __________________

Sa Marcos 16:16, sino ang mapapahamak? Ang sinumang hindi ______________________.

Ang kaugnayan sa Dios ay laging sa pamamagitan ng ________________________ ayon sa Hebreo 11:6.

Ang bawtismo sa tubig ay panlabas na kapahayagan ng pananampalataya para sa Israel. Madalas na ang mga Israelita ay may panlabas na kapahayagan ngunit hindi mula sa puso ang pananampalataya kundi sa pagiging matuwid sa sarili, panlabas, at nagmamataas na puso.

Basahin ang Isaias 29:13 - "At sinabi ng Panginoon, Yamang ang bayang ito ay lumapit sa Akin, at pinapupurihan Ako ng kanilang _________ at ng kanilang mga _______, nguni't ___________ ang kanilang _________ sa Akin, at ang kanilang takot sa Akin ay utos ng mga _______ na itinuro sa kanila."

Basahin ang Isaias 58:1-7. Anong ordinansa na mayroon ang Israel na nauwi sa walang kwentang gawain at pagmamatuwid sa sarili? __________________

Mateo 15:9 - "Datapuwa't walang kabuluhan ang ______________ nila sa Akin, Na nagtuturo ng kanilang pinaka-aral ang mga utos ng mga _______."

Mga Awit 51:16-19 - "Sapagka't hindi ka nalulugod sa ________; na kung dili ay bibigyan kita: wala kang kaluguran sa _________ na _______________. Ang mga hain sa Dios ay _________________: isang __________ at may __________ puso, Oh Dios, ay hindi mo wawalang kabuluhan..."

Ang pagsunod sa kautusan ay kailangan para sa Israel ngunit ito ay tatanggapin lamang ng Dios kung ito ay ipinapahayag ng kanilang puso na may pananampalataya!

May mga pagkakataon na pumigil sa Israel para ipahayag ang kanilang panlabas na pananampalataya, katulad ng magnanakaw, hindi siya pwedeng umalis at magpabawtismo. Ngunit hindi ito isyu sa Dios. Pananampalataya ang isyu dito. Ang isang magnanakaw ay sumampalataya at naligtas. Ang isa namang magnanakaw ay namatay sa kanyang _________________ (Juan 8:24) at haharap sa ____________ ng Dios (Hebreo 9:27).

Ang ebanghelyo para sa dispensasyon ng biyaya ay hindi ang paniniwa-

la na si Cristo ang Mesiyas ng Israel, Manunubos at Hari. Ito ay ang ebanghelyo ng biyaya ng Dios na nagliligtas sa atin ngayon. "...na ang Dios kay Cristo ay pinakipagkasundo ang sanglibutan sa Kaniya rin, na hindi ibinibilang sa kanila ang kanilang mga kasalanan..." (2 Corinto 5:19) at ang lahat ng ____________________ ay __________________ ayon sa Kaniyang biyaya.

Isulat ang ikalawang sinabi ng Panginoon doon sa krus.

____________________________________________________________

____________________________________________________________

**Ilagay ang pangalan at petsa**

____________________________________________

## Ang Mga Butil ng Ginto na Ating Natagpuan

**Pang-Labing Isang Aralin**

Colosas 1:13,14; 1 Tesalonica 1:10; Galacia 1:8 -

**Pang-Labing Dalawang Aralin**

Mateo 15:5-7; 2 Corinto 5:18-20; Efeso 2:16 -

**Pang-Labing Tatlong Aralin**

2 Corinto 12:9,10; Galacia 2:21 -

**Pang-Labing Apat na Aralin**

Roma 8:14-16; 1 Corinto 1:18 -

**Pang-Labing Limang Aralin**

Hebreo 11:6; Mateo 15:9; 2 Timoteo 2:15

**Ilagay ang pangalan at petsa**

______________________________________

## Minero - Pang-Labing-Anim na Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Juan 19:26; Efeso 5:25

**Mga Talatang Dapat Tandaan sa Unang Aklat**: Roma 16:25

Guhitan ang mga salita ng Panginoong Jesu-Cristo na sinabi Niya sa krus mula sa Juan 19:26,27 - "Kaya't ng makita ni Jesus ang Kanyang ina, at ang alagad na nakatayo, na Kaniyang iniibig, ay sinabi Niya sa Kaniyang ina, Babae, tingnan mo ang iyong anak! Nang magkagayo'y sinabi Niya sa alagad, tingnan mo ang iyong ina! At buhat nang oras na yaon ay tinanggap siya ng alagad sa kaniyang sariling tahanan."

Sino ang dalawang tao na kinakausap ni Cristo sa mga talatang ito?

1. ____________________
2. ____________________

Ang alagad na minamahal ni Jesus ay binabanggit sa:

Juan 13:23 - "...isa sa Kaniyang mga alagad, na _______ ni Jesus..."

Juan 20:2 - "...at sa isang alagad na _____________ ni Jesus..."

Juan 21:7 - "Yaong alagad nga na ____________ ni Jesus..."

Juan 21:20 - "...nakita yaong alagad na ____________ ni Jesus..."

Ang alagad na ito ay pinaniniwalaan na si Juan na nanatili kasama ng Panginoon mula sa Hardin ng Getsemane papunta sa krus. Sinabi niya na nagpapatotoo siya sa mga pangyayari, Juan 19:35 - "At ang _______________ ay nagpatotoo..."

Basahin ang Juan 21:24 - "Ito ang alagad na ______________ sa mga bagay na ito, at ____________ ng mga bagay na ito; at nalalaman namin na ang kaniyang patotoo ay __________."

Iniibig ng Panginoon ang lahat Niyang mga alagad, Juan 15:12 - "Ito ang Aking utos, na kayo'y mag-ibigan sa isa't isa, na gaya ng ____________ Ko sa inyo."

Basahin ang Juan 13:1 - "...sa _____________ sa mga Kaniya na nang-asa sanglibutan, ay ___________ Niya sila hanggang sa

_____________." At ipinahayag din Niya ang pag-ibig kay ______________ ayon Juan 11:3.

Sino pa ang inibig ni Jesus ayon sa Juan 11:5? ________ at _______

Sino ang inibig ni Jesus sa Marcos 10:21? _____________________

Ayon sa Efeso 5:25 ay sinasabi na inibig ni Cristo ang __________.

Ang pag-ibig ni Cristo ang pinagmumulan kung papaano tayo mamumuhay bilang isang Cristiano. 2 Corinto 5:14,15 - "Sapagka't ang ______________ ni Cristo ay _____________ sa amin; sapagka't ipinasisiya namin ang ganito, na kung ang isa ay namatay dahil sa lahat, kung gayo'y lahat ay nangamatay; At Siya'y _____________ dahil sa _______, upang ang ______________ ay huwag nang mabuhay pa sa kanilang ___________, kundi doon sa ___________ dahil sa kanila at muling ____________."

Ang pag-ibig ni Cristo para sa atin ay dapat na manatili sa ating mga isipan para lagi nating inaalala ang Kanyang sakripisyo para iligtas tayo. Ang pag-ibig ni Cristo ang dapat na magpakilos sa ating mga gagawin katulad ng itinuturo sa atin ng Roma 12:1,2 - "Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alang-alang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong _________ ang inyong mga ___________ na isang _________________, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong ______________ pagsamba. At huwag kayong _______________ sa sanglibutang ito: kundi ____________ kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong ____________, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at ___________ at _______ na kalooban ng Dios."

Ating balikan ang binigkas ng Panginoon doon sa krus. Tinawag ni Jesus si Maria na _____________. Hindi ba iginagalang ni Cristo ang Kaniyang ina? Hindi! Sa halip ito ay salita ng pagiging malapit at paggalang. Mateo 15:28 - "Nang magkagayo'y sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, Oh _________, malaki ang pananampalataya mo..." Sa Juan 2:4, tinawag ng Panginoon ang Kaniyang ina na "___________". At sa Juan 20:13 ay tinawag Niya sa Maria Magdalena na ______________.

Sa kalagitnaan ng Kanyang sakit at paghihirap sa pagkapako sa krus, inaayos ni Cristo ang pangangailangan ng Kanyang mga minamahal. Sa Isaias 52:13 ay mababasa natin na - "...Kung paanong marami ang natigilan dahil sa Iyo (ang kaniyang mukha ay napakakatuwa kay sa kani-

nomang lalake, at ang Kaniyang anyo ay higit na kumatuwa kay sa mga anak ng mga tao)."

Sa pagkakataong ito ay ipinadama ni Cristo ang Kaniyang pangangalaga para kay Maria.

Maraming beses na ating iniisip na kapag ang ating mga problema ay naayos na, may kakayahan tayo na tulungan ang pangangailangan ng iba. Ano ang iniuutos sa atin ng Salita ng Dios na dapat gawin? Tingnan natin ang Filipos 2:30 at makikita natin kung ano ang ginawa ni Epafrodito - "Sapagka't dahil sa ____________ kay __________ ay nalapit siya sa _____________, na isinasapanganib ang kaniyang __________ upang punan ang kakulangan sa inyong paglilingkod sa akin." Si Epafrodito ay nalapit sa kamatayan dahil sa paglilingkod sa Panginoon. Ang pangangailangan ng iba ang dapat mauna para sa mga mananampalataya. Roma 12:10 - "Sa pag-ibig sa mga kapatid ay mangagmahalan kayo; sa kapurihan ay ____________ ng isa't isa ang iba."

Sinabi ni Cristo kay Maria, "Babae, narito ang iyong anak!" Naisip ko ang ipinahayag ng anghel kay Maria nang sabihin sa kaniya ang tungkol sa anak na kaniyang tataglayin. Basahin ang Lukas 1:31-38. Tal. 31 - "At narito, maglilihi ka sa iyong tiyan, at manganganak ka ng isang ___________..." Tal. 32 - "Siya'y magiging __________, at tatawaging ________ ng ____________: at sa Kaniya'y ibibigay ng Panginoong Dios ang ____________ ni David na Kaniyang ama." Tal. 33 - At Siya'y _____________ sa angkan ni Jacob magpakailan man; at hindi ______________ ang Kaniyang ________."

Habang nakabayubay sa krus ang minamahal na Anak ni Maria, sigurado ako na ang pananampalataya at kaalaman sa salita ng Dios ay tumatakbo sa kaniyang isipan habang tinitingnan niya ang kaniyang Anak, ang alam niyang Panginoon, Tapagligtas at ang ipinangakong Hari ng Israel. Ang salita ni Cristo ay nakatuon ang atensyon kung sino Siya, bilang Anak, Panginoon, Mesias, at Hari ng Israel. Pagkatapos nito ay itinuon ni Cristo ang Kaniyang atensyon kay Juan ang pinili para mangalaga sa kaniya (Maria). Sinabi ni Cristo kay Juan - "Narito ang iyong anak!" Si Juan na ang siyang mangangalaga kay Maria. Ginawa ba niya ito? Sinasabi sa Juan 19:27 na buhat nang _______ na yaon ay tinanggap siya ng alagad sa kaniyang _________________." Si Juan ay hindi nagdalawang-isip na sundin si Cristo.

May ilan pang mga bagay ang dapat nating maintindihan dito. Si Maria ay sumisimbolo sa Israel at si Juan naman ay ang maliit na kawan (ang mga naniniwalang pulutong sa Israel). Ang maliit na kawan ang dapat na tingnan ng Israel para magbigay ng gabay sa darating na araw upang matupad ang hula.

Isinulat ni Juan sa iba pa niyang liham ang papel na gagampanan ng Maliit na Kawan sa panahon ng kapighatian at kung paano sila maglilingkod sa Israel sa mga panahong iyon.

Kapag ating napakinggan ang salita ng Dios para sa atin ay dapat na tumugon tayo sa pananampalataya at maging masunurin sa lahat ng sinasabi nito.

**Ilagay ang pangalan at petsa** ________________________________

## Minero - Pang-Labing-Pitong Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Mateo 27:46; Mga Awit 22:1

**Mga Talatang Dapat Tandaan sa Unang Aklat**: Roma 11:13; Efeso 3:8

Ganito ang ika-apat na sinabi ng Panginoon sa krus, Mateo 27:46 - "At nang malapit na ang oras na ika-siyam sumigaw si Jesus ng malakas na tinig, na sinasabi: Eli, Eli, lama sabachthani? Ang ibig sabihin, Dios Ko, Dios Ko bakit Mo Ako pinabayaan?" Guhitan ang mga salita ng Panginoon na Kaniyang sinabi doon sa krus.

Anong oras ito sinabi ni Jesus? __________________

Ano ang ika-siyam na oras ayon sa mga Judio? __________________

Basahin ang Mateo 27:45 - "Mula nang oras na _________ ay _________ sa ibabaw ng buong sangkalupaan hanggang sa oras na _____________." Kung ang ika-anim na oras ay alas-dose ng tanghali, anong oras ang ika-siyam?

a. ika-apat ng hapon

b. ika-siyam ng umaga

k. ika-tatlo ng hapon

Sa loob ng tatlong oras na ito mulang tanghali hanggang alas-tres ng hapon, ano ang nangyari sa buong sangkalupaan? ____________

Ang liwanag ng araw ay nawala at ang dilim ay lumukob sa buong sangkalupaaan. Kapag walang ilaw ang araw ay napakahirap na sabihin kung anong oras na iyon. Para bang ang panahon ay tumigil sa loob ng tatlong oras. Ang paghihirap ni Cristo nang mga panahong ito ay mahalaga at pang-walang hanggan. Ang kabayaran ng walang hanggang paghihirap para sa kasalanan ang kanyang pinapasan. Sa loob ng kadilimang ito, walang sinumang kasama ang ating Manunubos na taglay ang mga kasalanan, at ang poot ng Dios laban sa kasalanan. Sa panahong ito, si Cristo ay sumigaw ng _____________, "Dios Ko, Dios Ko bakit Mo Ako pinabayaan?" Makikita natin ang sagot sa katanungang ito sa Mga Awit 22.

Ang mahiwalay sa piling ng Ama ang isang pangyayari na hindi pa na-

ranasan ng Panginoon. Mula sa walang hanggan, ang Dios Ama at ang Dios Anak ay perpektong magkasama. Juan 17:5 - "At ngayon, oh Ama, luwalhatiin Mo Ako kasama ng iyong sarili ng kaluwalhatiang Aking tinamo sa Iyo bago ang _______________ ay naging gayon."

Juan 1:1 - "Nang pasimula Siya ang __________, at ang _________ ay sumasa ________, at ang Verbo ay ________." Walang pagkakataon na si Cristo ay hindi dinidinig ng Ama.

Juan 11:42 - "At nalalaman Ko na Ako'y _______ Mong _________..."

Ngunit ngayon bakit ang Dios ay tinalikuran ang Kanyang Anak? Basahin ang Mga Awit 22. Sa tal. 3 ay makikita natin ang sagot, "Ngunit Ikaw ay ___________..." Tingnan ang Habakuk 1:13 - "Ikaw na may mga matang ___________ kay sa tumingin ng ____________, at hindi Ka makatitingin sa _______________..."

Sa loob ng tatlong oras na ito si Cristo ay ginawang may _____________ para sa atin. 2 Corinto 5:21 - "Yaong hindi nakakilala ng kasalanan ay Kaniyang inaring _________________ dahil sa atin..." Ang lahat ng kasalanan mo at kasalanan ko ay inilipat, inilagay sa Panginoon. Galacia 3:13, si Cristo ay ginawang _____________ para sa atin. "Sa sumpa ng kautusan ay tinubos tayo ni Cristo, na naging _________ sa ganang atin; sapagka't nasusulat, ___________ ang bawa't ______________ sa ________________."

Ano ang kaugnayan ng sumpa na ginawa para sa Kanya? Mateo 25:41 - "Kung magkagayo'y sasabihin naman Niya sa mga nasa kaliwa, __________ kayo sa akin, kayong mga ___________, at pasa _______ na walang hanggan na inihanda sa diablo at sa kaniyang mga anghel."

Basahin ang Pahayag 21:8. Ano ang pinagdadanasan ng mga makasalanan dito? ______________________

Basahin ang Pahayag 14:9,10. Ano ang parusa dito? ______________

Basahin ang Pahayag 19:20. Ano ang parusa dito? _______________

Basahin ang Pahayag 20:10. Ano ang parusa dito? _______________

Parusang walang hanggan at nararamdaman! Ito ang pinagdaanan ng Panginoon sa krus dahil sa ating mga kasalanan.

Basahin ang Marcos 9:42-48. Ano ang tatlong bahagi ng katawan na mas mabuting putulin/mawala kaysa mapapunta sa impiyerno na buo?

_______________________________

Sa Marcos 9:48 ay tinukoy ang tao na isang ___________ na hindi ____________.

Ang apoy ng impiyerno ay isang apoy na hindi pumupugnaw sa halip ay pinanatili magpakailanman ang lahat ng naroroon.

Sa isanlibong taon ng paghahari ni Cristo ay magkakaroon ng pagbubukas ng lupa upang makita ng mga tao ang mga nasa ibaba ng impiyerno at makikita doon ang mga bangkay ng tao na naroroon. Isaias 66:22-24. Tal. 24 - "At sila'y magsisilabas, at _______________ sa mga ___________ ng mga taong _________________ laban sa Akin: sapagka't ang kanilang ________ ay hindi ________________, o ______________ man ang kanilang ______; at sila'y magiging kayamutan sa lahat ng mga tao."

Ano ang uod? Basahin ang Mga Gawa 12:23. Pagkatapos na si Herodes ay pinatay ng anghel ng Panginoon siya ay kinain ng mga _________. Ano ang isa pang salita para sa uod na kumakain ng patay na laman?

_____________

Ito ay hindi kaaya-ayang larawan. Sa Mga Awit 22:6, sinabi Cristo na Siya ay, "Nguni't ako'y _____ at hindi tao; duwahagi sa mga tao, at hinamak ng bayan."

Isaias 53:10 - "Gayon ma'y kinalugdan ng Panginoon na _______________ Siya; inilagay Niya Siya sa ______________: pagka iyong gagawin ang Kaniyang kaluluwa na _______________ dahil sa _____________..."

Hebreo 10:12 - "Nguni't Siya, nang _________________ ng isa lamang hain patungkol sa mga ______________ magpakailan man, ay umupo sa kanan ng Dios."

Habang si Cristo ay nakabayubay doon sa krus sa loob ng tatlong oras, Siya ay nagdanas ng pagbabago sa Kaniyang kaluluwa na ito ang pangalawang kamatayan! Siya ay nagdanas ng poot ng Dios laban sa mga kasalanan ng buong sanlibutan.

Bakit kinalimutan ng Dios si Cristo? Sapagkat ang Dios ay _________ at si Cristo ay dumating para maging ______________ para sa atin at nagdanas ng kabayaran doon sa lawa ng _________, ang ____________ ng Dios laban sa kasalanan. Gamiting ang mga salitang ito: kasalanan, apoy, banal, poot.

**Ilagay ang pangalan at petsa**

__________________________________________

**Minero - Pang-Labing-Walong Aralin**

**Talatang Sasauluhin** - Juan 19:28; Mga Awit 69:21

**Mga Talatang Dapat Tandaan sa Unang Aklat**: 1 Corinto 14:37

Ang Panginoon ay nagsalita sa panglimang pagkakataon at Kaniyang sinabi, Juan 19:28 - "Pagkatapos nito, pagkaalam ni Jesus na ang lahat ng mga bagay ay naganap na nga, upang matupad ang kasulatan, ay sinabi, Nauuhaw Ako." Lagyan ng guhit ang mga salita na sinabi ni Cristo.

Ang pitong sinalita ng Panginoon doon sa krus ay nahahati sa dalawang grupo. Ang tatlo ay bago nagdilim. Ang isa ay habang may kadiliman. Ang tatlo ay pagkatapos ng kadiliman sa paligid.

Nawala ang kadiliman sa paligid, ang espiritwal na kamatayang pinagdaanan ni Cristo sa loob ng tatlong oras na may kadiliman ay natapos na. Ngunit ang pisikal na kamatayan ay nanatili ay mangyayari pa lamang sa Kanya. Nang magkasala si Adan may dalawang kamatayan siyang pagdadaanan. Genesis 2:17 - "...sapagka't sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang ______________ ka." At sa Genesis 3:19 - "...hanggang sa ikaw ay mauwi sa ____________; sapagka't diyan ka kinuha: sapagka't ikaw ay __________ at sa ____________ ka ____________."

Ano ang nasa isip ng Panginoon habang sinasabi niya ang pangungusap na ito? Ang ____________________________

Sinabi ni Cristo, "Ako'y nauuhaw," upang gawin ng mga nasa paligid Niya na tuparin ang nasa kasulatan.

Basahin ang Mga Awit 69:21 - "Binigyan naman nila Ako ng pagkaing mapait; at sa Aking _____________ ay binigyan nila Ako ng ________ na ____________."

Ang mga kasulatan ay nasa isipan ni Cristo! Ano ang ibibigay mong inumin kapag ang isang tao ay nauuhaw? ____________ Oo, tubig, ngunit may isang daang taon na ang nakalilipas, ang sumulat ng Aklat ng Mga Awit ay alam ni Cristo na bibigyan Siya ng suka para inumin!

Ang ibang mga bagong salin ng Biblia ay sinasabi na binigyan nila si

Cristo ng alak para inumin. Ito ay kabaliktaran ng sinasabi sa Lukas 22:18. Bago ang pagkapako sa krus ni Cristo sinabi ng Panginoon - "Sapagka't sinasabi Ko sa inyo, na _______ Ako iinom mula ngayon ng bunga ng ________, hanggang sa dumating ang kaharian ng Dios."

Nakakahiya na gawin ang ganitong pagkakamali samantalang si Cristo ay maingat habang Siya ay nakabayubay sa krus upang tuparin ang kasulatan.

Mga Awit 22:15 - "Ang aking kalakasan ay natuyo na parang bibinga; at ang aking ______ ay dumidikit sa aking ngalangala; at dinala mo ako sa ____________ ng kamatayan."

Nang pagkakataong ito, si Cristo ay nasa gilid na ng kamatayan. Nagdurusang pisikal para bayaran ang mga kasalanan.

1 Corinto 15:21,22 - "Dahil kung paanong sa pamamagitan ng tao'y dumating ang ________________..."

Tal. 22 - "Sapagka't kung paanong kay Adam ang lahat ay ________________..."

Ang espiritwal na kamatayan na dinanas ni Cristo sa loob ng tatlong oras ng kadiliman at ng pisikal na kamatayan ang naging pang walang hanggang kabayaran ng mga kasalanan.

1 Pedro 2:24 - "Na Siya mismo ang nagdala ng ating mga _____________ sa Kaniyang katawan sa ibabaw ng kahoy..."

Ang ating mga kasalanan (pang maramihan), ang bunga ng ating lumang pagkatao na tumitira sa ating katawan na gumagawa ng kasalanan ay pang walang hanggang binayaran doon sa krus ng ating Panginoong Jesu-Cristo.

Sa loob ng ilang minuto ay ating pagbulay-bulayan ang napakalaking sakripisyo ng Panginoon at isipin natin ang ginawa Niya kapag tayo ay (nalulungkot, parang hindi karapat-dapat, o di kaya ay nagmamapuri). Ano ang ginawa ni Pablo?

Galacia 6:14 - "Maging malayo nawa sa akin ang magyabang, maliban na sa _______ ng ating ________________________..."

1 Corinto 1:23,24 – Ngunit  ang aming ipinangangaral ay ang Cristo na _____________ sa krus..."

Tal. 24 - "Nguni't sa kanila na mga tinawag... si Cristo ang _____________ ng Dios,  at ang _____________ ng Dios."

Kapurihan! Pwede tayong magmapuri sa krus sapagkat nalalaman natin na ang dugo ni Cristo ay kusang-loob na nabuhos para sa kabayaran ng ating mga kasalanan. At ang pagkapapako sa krus ay bahagi ng plano ng Dios upang matuwid Niyang matubos ang mga makasalanan at ibuhos ang Kaniyang kapangyarihan upang iligtas ang sinuman o ang lahat ng sumasampalataya!

Roma 1:16 - "Sapagka't hindi ko ____________ ang _____________: sapagka't siyang ______________ ng Dios sa ________________ ng bawa't _____________________..."

Ang kamatayan sa pamamagitan ng pagpako sa krus ay naging posible para ang Panginoon ay mamatay ng espiritwal at pisikal na kamatayan; ang kamatayan kung saan si Cristo ay pwedeng ialay ang Kaniyang sarili para sa ating mga kasalanan at ibigay ang Kaniyang buhay para sa atin.

**Ilagay ang pangalan at petsa**

________________________________________

## **Minero - Pang-Labing-Siyam na Aralin**

**Talatang Sasauluhin** - Juan 19:30; Hebreo 10:12

**Mga Talatang Dapat Tandaan sa Unang Aklat**: Galacia 6:7; 2 Timoteo 3:12

Ang ika-anim na sinabi ng Panginoon ay matatagpuan sa Juan 19:30 - "Nang matanggap na ni Jesus ang suka, ay sinabi Niya, kumpleto na: at iniyuko ang Kaniyang ulo, at nalagot ang Kaniyang hininga." Lagyan ng guhit ang mga salita na sinabi ni Cristo doon sa krus.

"Naganap na" ang lahat ay natupad, nagawa o nakumpleto na.

Ano ang naganap na? Sigurado tayo na hindi lahat ng hula tungkol kay Cristo. Marami pa ang hindi pa natutupad: halimbawa: Isaias 53:9 ay sinasabi na Siya ay malilibing kasama ng mga ______________ sa kamatayan. Hindi pa siya inililibing. Sa Zacarias 12:10 - "...at sila'y magsisitingin sa Akin na kanilang ________________..." Ang sibat ay hindi pa iniuulos sa Kaniyang tagiliran.

Ang gawain ng pagsasakripisyo ay naganap na! Ang kabayaran ng kasalanan ay nabayaran na! Lahat ng kinakailangan para masapatan ang hustisya ng Dios ay nakumpleto na.

Roma 3:25 - "Na Siyang inilagay ng Dios na maging ______________________, sa pamamagitan ng pananampalataya, sa Kaniyang _________..."

Hebreo 10:10 - "Dahil sa kaloobang yaon tayo'y pinapaging-banal, sa pamamagitan ng pagkahandog ng ___________ ni Cristo na _________ magpakailan man." Tal. 12 - "Nguni't Siya, nang makapaghandog ng ______ lamang hain patungkol sa mga kasalanan _______________, ay umupo sa kanan ng Dios." Tal. 14 - "dahil sa pamamagitan ng ______ paghahandog ay Kaniyang ______________ magpakailan man ang mga pinapagiging-banal."

Roma 6:10 - "Dahil ang kamatayan na ikinamatay Niya, ay Kaniyang ikinamatay na __________ sa kasalanan..."

Ang nakumpletong gawain ni Cristo sa krus ay walang-hanggang pumuksa sa kapangyarihan ni Satanas. Hebreo 2:14 - "...Siya nama'y

gayon ding nakabahagi sa mga ito; upang sa pamamagitan ng ____________ ay Kaniyang ___________ yaong may paghahari sa kamatayan, sa makatuwid ay ang ___________."

"Naganap na!" hindi ito isang sigaw ng pagkatalo o kawalan ng pag-asa; kundi ng pagtatagumpay! Si Cristo ay matagumpay na nagawa ang plano ng Dios mula sa pagkatatag ng sanlibutan. Pahayag 13:8 - "...sa aklat ng buhay ng Cordero na pinatay buhat nang itatag ang sanglibutan."

Mula pa sa pagkatatag ng sanlibutan si Cristo ay mabilis na kumilos papunta sa panahon kung saan alam Niya na Siya ay gagawing alay para sa ating mga kasalanan at ipapako sa krus, pagdurusahan ang poot ng Dios laban sa ating kasalanan. Bakit? Hebreo 12:2 - "Na masdan natin si Jesus na _____________ at _____________ ng ating pananampalataya, na Siya dahil sa _____________ inilagay sa harapan Niya ay nagtiis ng _________, na niwalang bahala ang kahihiyan, at umupo sa kanan ng luklukan ng Dios."

**Ano ang kagalakang inihanda sa Kanya?**

**Tungkol sa Israel**

Isaias 53:10, 11, tal. 10 - makikita Niya ang Kaniyang _________; ang Manunubos ay magkakaroon ng lahi (Israel). "...pahahabain Niya ang Kaniyang mga kaarawan..." Sila ay mabubuhay sapagkat Siya ang nagbibigay ng buhay... "at ang _______________ ng Panginoon ay lalago sa Kaniyang kamay."

Ang kalooban ng Dios, plano at layunin ang kasiyahan ng Anak. Ito ay pwede lamang na matupad sa pamamagitan ng krus. Sa tal. 11 si Cristo ay may kagalakan na malaman na sa pamamagitan ng Kaniyang sakripisyo para sa kasalanan, marami ang aariing-ganap (o matuwid).

**Tungkol sa kagalakan na inilagay sa Kanyang harapan para sa iglesya...**

2 Corinto 8:9 - "Sapagka't nalalaman ninyo ang biyaya ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na, bagaman Siya'y ___________, gayon ma'y ________________ dahil sa inyo, upang sa pamamagitan ng Kaniyang karukhaan ay ______________ kayo." Upang bigyan ang mga makasalanan ng kayamanan ng Kaniyang biyaya.

Sa Galacia 1:4 ay sinasabi sa atin na ibinigay Niya ang Kaniyang sarili (doon sa krus) upang mailigtas tayo sa kasalukuyang ______________________________. Alam Niya na ang Kaniyang kamatayan ang magpapalaya sa atin sa pagka-alipin sa sanlibutan. Sinasabi sa Galacia 2:20 - "...at ang ________ na ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay ikinabubuhay ko sa pananampalataya, ang pananampalataya na ito'y sa Anak ng Dios, na sa _______ ay umibig, at ___________ ang Kaniyang sarili dahil sa _______."

Ang Panginoong Jesu-Cristo ay may kagalakan na malaman Niya na ang Kaniyang katapatan sa pagpunta doon sa krus ay magbibigay ng buhay na walang hanggan sa sinumang sa Kaniya ay magtitiwala. Oh, ang kagalakan na ibinigay sa Kaniyang harapan.

Sinabi ni Cristo, "Naganap na!" Ang mga salitang iyon ay ginagamit para isulat sa ibaba ng kasulatan na ang utang ay nabayaran na ng kumpleto! Alam ni Cristo ang ating utang na mga kasalanan ay nabayaran na ng buo at kumpleto. Alam mo ba iyon! May pagkakataon ba na nararamdaman mo na may ilang kasalanan ka na nasa pagitan mo at ng Dios? Malinaw ang sinasabi sa Salita ng Dios, ang lahat nating mga kasalanan ay binayaran na ni Cristo doon sa krus. Ang katotohanan nawang ito ang magbigay sa iyo ng kagalakan at kapayapaan.

Pagkatapos na ideklara na ang gawain ng pagliligtas ay naganap na, ang kaligtasan ay may katiyakan, _______________ Niya ang Kaniyang ulo (Juan 19:30).

Para maitungo mo ang iyong ulo, ang ulo mo ay dapat na (nakataas o nakababa)?

Si Cristo ay handa na ngayon upang ibigay ang Kaniyang buhay. Basahin ang Juan 10:17,18 - "Dahil dito'y sinisinta ako ng Ama, sapagka't ibinibigay ko ang Aking buhay, upang kunin Kong muli. _____________ hindi nag-aalis sa Akin nito, kundi ________ Kong ___________. May ______________ Akong magbigay nito, at may _______________ Akong kumuhang muli..."

Si Cristo ay magbibigay ng Kaniyang panghuling pangungusap habang nakatungo ang Kaniyang ulo.

**Ilagay ang pangalan at petsa ________________________________**

## Minero - Pang-Dalawampung Aralin

**Talatang Sasauluhin** - Lukas 23:46; Mga Awit 31:5

**Mga Talatang Dapat Tandaan sa Unang Aklat**: 2 Corinto 4:17; Roma 5:3,4

Sa Lukas 23:46 ay matatagpuan natin ang ika-pito at panghuling sinabi ng Panginoon doon sa krus.

"At si Jesus, pagkatapos sumigaw ng malakas na tinig, ay nagsabi, Ama, sa iyong mga kamay ay ipinagtatagubilin Ko ang Aking espiritu: at pagkasabi nito, ay nalagot ang hininga." Lagyan ng guhit sa ibaba ang mga salita na sinabi ni Cristo.

Ano ang unang salita sa huling pangungusap na ito? ______________

Sino sa palagay mo ang nasa isip ng Panginoon habang Siya ay nakabayubay doon sa krus? Ang ___________. Sinabi ni Cristo, "...sa mga kamay Mo ay ipinagtatagubilin Ko ang Aking ___________..." "Ipinagkakatiwala o ipinagtatagubilin" ang ibig sabihin ay ilagay sa iba o di kaya ay ipagkatiwala. Wala ng iba pang ligtas na lugar para kay Cristo na dapat Niyang kalagyan kundi sa piling ng ____________. Ano ang nasa isip ng Panginoon habang sinasabi Niya ang mga salitang ito? Ang __________.

Mga Awit 31:5 - "Sa __________ kamay ay ___________ Ko ang Aking ________..."

Si Cristo ay may lubos na pagkakatiwala sa Ama at kung ano ang sinabi sa mga kasulatan. Ito ay nagpapalakas sa akin ng loob kapag aking pinag-iisipan ang tungkol sa Panginoon at sa Kaniyang salita. Saan madalas nakatuon ang ating isipan kapag may problema? Sa ____________

Maganda ang sinabi ni Pablo tungkol dito sa Filipos 3:8 - "Oo nga, at lahat ng mga bagay ay inaari kong kalugihan dahil sa dakilang _____________ ng _______________ kay _______________ na ________________ ko..." Tal. 10 - "Upang ________________ ko Siya..."

Sa Colosas 3:16 - "________________ nawang sagana sa inyo ang ___________ ni ____________; ayon sa buong _______________..." Ang ating isipan ay dapat na mapuno ng tungkol kay Cristo at sa Kanyang Salita, sa buhay at maging sa kamatayan.

Nang gabing ipagkanulo ni Judas si Cristo, si Pedro ay inilabas ang kanyang

tabak at ______________ ang alipin ng dakilang saserdote (Mateo 26:51). Sinabi ni Cristo kay Pedro sa tal. 53 - "O inaakala mo baga na hindi Ako __________________ sa Aking _________, at padadalhan Niya Ako ngayon din ng mahigit sa ___________________ pulutong na mga __________?"

Noong nakalipas, saan natin makikita ang pulutong ng mga anghel sa kalangitan na nasa harap ng Panginoon? Lukas 2:13 - "At biglang nakisama sa anghel ang isang ___________________ ng _________, na nangagpupuri sa Dios, at nangagsasabi." Oo, nang ipaalam ang pagsilang ng Cristo. Sa palagay mo kaya ay hindi nila gusto na tawagin sila ng Panginoon?

Hindi ka ba nagagalak na ang Panginoon ay hindi nagsalita sa ikawalong pagkakataon at tinawag ang mga anghel upang iligtas Siya doon sa krus?

Ang gawain ng kaligtasan ay natapos na. Ito ay nanatiling tapos na. Naghihintay na lamang upang ilagay sa sinuman at sa lahat ng sasampalataya sa Kanya.

**Ilagay ang pangalan at petsa**

________________________________________

# Ang Mga Butil ng Ginto na Ating Natagpuan

**Pang-Labing-Anim na Aralin**

Juan 19:26; Efeso 5:25; Roma 16:25

**Pang-Labing-Pitong Aralin**

Mateo 27:46; Mga Awit 22:1; Roma 11:13; Efeso 3:8 -

**Pang-Labing-Walong Aralin**

Juan 19:28; Mga Awit 69:21; 1 Corinto 14:37 -

**Pang-Labing-Siyam na Aralin**

Juan 19:30; Hebreo 10:12; Galacia 6:7; 2 Timoteo 3:12

**Pang-Dalawampung Aralin**

Lukas 23:46; Mga Awit 31:5; 2 Corinto 4:17; Roma 5:3,4 -

**Ilagay ang pangalan at petsa**

______________________________________

Binabati ko kayo sa pagtatapos ng aklat na Sapphire.

Ang pagkaunawa sa dalawang programa ng Dios sa mga kasulatan ang dahilan kung kaya pinahahalagahan natin kung ano ang ginawa ng Dios at gagawin pa para sa bansang Israel at sa lahat ng ginawa ng Dios at patuloy na gagawin para sa katawan ni Cristo. Ang dalawang programang ito ay magkaiba at kapag naunawaan natin ang pagkakaibang ito ay makakaiwas tayo sa "pagpilipit ng mga kasulatan" at paghaluin ang dalawang kamangha-manghang programa ng Dios.

Magkita tayo sa susunod na aklat ang "Jasper".

**Pastor Buck**

**Ang Awitin ng Mga Minero**

Sa minahan kami ay pupunta
Sa minahan kami ay pupunta
Maghuhukay sa Salita ng Diyos
Ang Kanyang mga kayamanan
ay aming malalaman.

Ang ating mga kayamanan ay na kay Cristo
Ang ating mga kayamanan ay na kay Cristo
Nabuhos ang Kanyang dugo
para sa lahat nating mga kasalanan
Nasa Kanya nakatago ang ating mga kayamanan.

Siya ay naging mahirap
Siya ay naging mahirap
At tayo sa pamamagitan ng Kanyang kahirapan
Ay magiging mayaman magpakailanman.

Kumpleto tayong nakatayo sa Kanya
Kumpleto tayong nakatayo sa Kanya
Matuwid na tayo sa Kanyang trono
At patungo na tayo sa kalangitan.

# KapanahunangPanukatngBibliya

